

# **KATALOGO FILIPINO 2018**

**MGA AKLAT AT BABASAHIN  
NG UP SWF DILIMAN**



**SENTRO NG WIKANG FILIPINO  
UNIBERSIDAD NG PILIPINAS**

**SENTRO NG WIKANG FILIPINO  
PAMUNUAN AT KAWANI 2015-2018**

Dr. Rommel B. Rodriguez  
Direktor

Mga Mananaliksik at Kawani

Odilon Badong  
Angelie Mae T. Cezar  
Gemma C. Dalmacion  
Nora A. Garde  
Ma. Evangeline O. Guevarra  
Eilene Antoinette G. Narvaez  
Gloria M. Nerviza  
Maria Olivia O. Nueva España  
Rondale Henry A. Raquipiso  
Elfrey DC. Vera Cruz  
Elmer Joseph N. Cabacungan  
Marcopolo P. Pelaez

**TALAN NG NILALAMAN**

Ang UP Sentro ng Wikang Filipino	5
Aklatang Bayan	8
Aklat Bahandi	12
Aklat Binhi	17
Aklat Bulawan	18
Aklat Danum	20
Aklat Ili	21
Aklat Laum	31
Aklat Paraluman	32
Aklat Pasad	46
Aklat Sanyata	49
Iba Pang Aklat	71
Mga Diksiyonaryo	74
Daluyan	77
Tomo VI, Bilang 1-4 1995	
Tomo VII, Bilang 1-2 1995	
Tomo VII, Bilang 3 1996	
Tomo VII, Bilang 3-4 1996	
Tomo VIII, Bilang 1-2 1997	
Tomo VIII, Bilang 3 1997	
Tomo VIII, Bilang 4 1997	
Tomo IX, Bilang 1-4 2000	
Tomo X, Bilang 1-4 2001	
Tomo XI, Bilang 1 2002	
Tomo XII, Bilang 1 2004 (refereed)	
Tomo XII, Bilang 2 2004 (refereed)	
Tomo XIII, Bilang 1-2 2006 (refereed)	
Tomo XIV, Bilang 1 2007 (refereed)	
Tomo XIV, Bilang 2 2007 (refereed)	
Tomo XVIII, Blg 1-2 (2012) (refereed)	
Tomo XIX, Blg 1, 2013 (refereed)	
Tomo XIX Blg. 2 2013 (refereed)	
Vol 20 (2014) (refereed)	

Vol 21 (2015) Blg. 1 (refereed)	
Vol 21 (2015) Blg 2 (refereed)	
Index ng mga Pamagat	97
Index ng mga Awtor	102
Index ng mga Kontribyutor sa Daluyan	107
Order Form	111

---

**ANG UP SENTRO NG WIKANG FILIPINO**


---

Noong 29 Mayo 1989, inaprobahan ng Lupon ng Rehenste ng Unibersidad ng Pilipinas (UP) ang *UP Patakarang Pangwika*. Ambag ang patakarang ito sa pagsasabuhay ng mga probisyon pangwika sa Konstitusyon. Sa artikulo XIV, seksiyon 6, itinatakda ang ganito: “Alinsunod sa mga probisyon ng batas at kung mamarapatin ng Kongreso, gagawa ng hakbang ang Pamahalaan upang simulan at itaguyod ang paggamit ng Filipino bilang wika ng opisyal na komunikasyon at bilang wika ng pagtuturo sa sistema ng edukasyon.” Sinasabi rin sa artikulo XIV, seksiyon 7: “Para sa komunikasyon at pagtuturo, ang mga opisyal na wika ng Pilipinas ay Filipino at, hangga’t walang ibang itinatakda ang batas, Ingles.”

Pangunahing itinatakda ng Pangwika na Filipino ang magiging midyum ng pagtuturo sa Unibersidad sa di-gradwadong lebel sa loob ng isang risonableng panahon ng transisyon. Sa panahong ito, pasisiglahin ang paggamit ng Filipino sa reserts, gawaing ekstensiyon at bilang wika ng opisyal na komunikasyon; susuportahan ang paggawa ng mga teksubuk at iba pang gamit panturo; pauunlarin ang reserts sa Filipino at iba pang wika sa Pilipinas; isusulong ang pagsasalin.

Sa tunguhin ng ebolusyon ng Filipino, lalong-lalo na sa panahon ng transisyon, pangungunahan ng Departamento ng Filipino at Panitikan ng Pilipinas ang pagtuturo ng wika, reserts, serbisyong ekstensiyon na susuportahan ng mga yunit tulad ng Edukasyon at Lingguwistiks. Para magkaroon ng katuwang ang tatlong pang-akademyang yunit na nabanggit, itinakda rin sa *Patakarang Pangwika* ang pagtatatag ng isang Sentro ng Wikang Filipino upang suportahan ang mga gawain ng mga iskolar sa Filipino at ibang wika sa Pilipinas.

Makalipas ang maikling panahon, pagkaraang aprobahan ang *Patakarang Pangwika*, isinilang ang UP Sentro ng Wikang Filipino (UP SWF) na siyang tumulong sa pagsubaybay ng implementasyon ng Patakarang Pangwika sa lebel ng sistema ng UP. Unti-unti, nagtatag din ng Sentro ng Wikang Filipino sa iba’t ibang yunit ng UP tulad ng Los Baños, Manila, Visayas/Iloilo, Cebu, Tacloban, Mindanao, at Baguio.

Aktibong kumilos ang UP SWF hindi lamang para tumulong sa pagpapatupad ng *Patakarang Pangwika* kundi para paunlarin at palaganapin ang pambansang wika. Sa loob ng UP, aktibo itong lumahok sa pagbuo ng mga Komite sa Wika sa mga kolehiyo. Sa labas ng UP, nakipag-ugnay ito sa DepEd, CHED, Korte Suprema, at PRC para isulong ang paggamit ng Filipino sa edukasyon at sa pamahalaan. Nakipagpulong din ito sa ilang kongresista at senador upang itaguyod ang panukalang batas sa wika lalo na ang pagtatatag ng Komisyon sa Wikang Filipino. Pinangunahan din nito ang pagbuo ng Sanggunian sa Filipino (SANGFIL), isang samahan ng mga pang-akademiyang institusyon na nagtuturo ng Filipino upang pabilisin ang estandardisasyon ng wika at ang pagpapalaganap nito lalo sa akademya.

Nagdaos din ang UP SWF ng iba't ibang kumperensiya, seminar at workshop sa pagtuturo ng/sa Filipino, pagsasalin, pagsulat ng teksbuk sa Filipino. Nag-isponsor ito ng iba't ibang lektyur-forum at Kapihan sa Wika para talakayin ang mga napapanahong isyung pangwika. Naglathala ito ng *Daluyan: Journal ng mga Talakayang Pangwika* para mailimbag ang mga natatanging pag-aaral at pananaliksik pangwika. Bumuo ito ng mga glosari at diksiyonaryo sa iba't ibang disiplina, at ng sumunod, ng isang komprehensibong diksiyonaryo na monolingguwal sa Filipino, ang *UP Diksiyonaryong Filipino*. Pinasimulan nito ang isang malawakang proyekto ng pagsulat ng mga teksbuk sa Filipino para sa iba't ibang disiplina. Ito ang **Aklatang Bayan**. Sa pamamagitan nito, natugunan ang pangangailangan sa mga kagamitang panturo ng mga gurong nagsisimula at nais gamitin ang Filipino bilang midyum ng pagkatuto. Sa pamamagitan din ng mahalagang proyektong ito, napatotohanan ang dati nang totoo sa mga tagapagsulong-wika-ang kakayang magamit ang Filipino para sa iba't ibang diskurso kahit ang akademiko.

Noong Marso 2001, dumaan sa proseso ng debolusyon ang UP SWF. Itinatag ang UP Konseho ng Wikang Filipino na siyang susubaybay sa mga gawaing pangwika sa lebel ng sistema ng UP. Kasabay nito, itinatag din ang SWF sa UP Diliman. Kumikilos ang mga SWF sa bawat yunit ng sistema ng UP at inaasahang makokoordineyt ang mga proyekto at mga gawain nito sa lebel ng UP Konseho ng Wikang Filipino.

Ipinagpapatuloy ng SWF-Diliman ang mahahalagang proyekto tulad ng Aklatang Bayan, SANGFIL, *UP Diksiyonaryong Filipino*, Kapihan sa Wika, *Daluyan*, kumperensiya at seminar-workshop sa wika. Itinatag din ang isang lupong tagapayo—ang *Dap-ay Filipino*—na binubuo ng mga kinatawan mula sa Departamento ng Filipino at Panitikan ng Pilipinas, Departamento ng Linggwistiks, at Language Teaching Area ng Kolehiyo ng Edukasyon. Sa tulong ng Dap-ay Filipino, itinataguyod ng SWF ang mga sumusunod na proyekto: (1) *Saliksikang Filipino: Filipino Language Resource Center*, isang repositoaryo ng mga pag-aaral at pananaliksik sa Filipino at iba pang wika sa Pilipinas; (2) *Direktoryo Sulong Filipino* isang pagtatala at pagmamapa ng lakas ng mga indibidwal, samahang pangwika, institusyong pampananaliksik, institusyong pang-akademiyang na may programa sa Filipino, ahensiyang pampamahalaan na may kaugnayan sa wikang Filipino at internasyonal na network na nagsusulong ng Filipino; (3) *Glosaring Pang-akademiko at Pang-administrasyon*, pagsasalin ng mga terminong karaniwang ginagamit sa mga pormularyo at iba pang opisyal na komunikasyon ng UP; (4) *Gabay sa Ispeling*, pagbuo ng isang manwal na gagabay sa pagsulat at pag-eedit ng mga aklat at journal sa wikang Filipino; (5) *UP SWF Website* (<http://sentrofilipino.upd.edu.ph>) na maglalaman ng impormasyon ukol sa iba't ibang programa, proyekto at pagkilos pangwika hindi lamang ng SWF kundi ng iba pang tagapagsulong ng wikang Filipino.

Upang lubos na masubaybayan ang implementasyon ng *Patakarang Pangwika* 1989, at lalo pang malinang ang wikang Filipino bilang wika panturo at wika sa saliksik, ipinanukala ng SWF Diliman sa Opisina ng Tsanselor ang pagtatag ng grant sa saliksik-wika para magbibigay pondo sa mga mananaliksik ng wika at kulturang Filipino para sa mga guro, reps at estudyante sa unibersidad. Naaprobahan ang proposal sa pamamagitan ng Pagtatag ng Endowment Fund ng ika-2017 BOR pulong noong Enero 26, 2007, sa pamamagitan ng reprogrammed funds transfer for research on wika.

Noong 2009 sinimulang ipatupad ang Gawad Saliksik-Wika (SWF Research Grant) na nagbibigay tulong pinansiyal sa panukalang saliksik wika at pangkultura saliksik na nakasulat sa Filipino. Mula nang ipinatupad ito mayroon ng humigit-kumulang sampung pananaliksik ang naisagawa at nailathala sa Aklatang-Bayan ang ilan sa mga natapos na pananaliksik.

## AKLATANG BAYAN

Pinagtibay at ipinatupad sa UP noong 1989 ang isang *Patakarang Pangwika* na nagtatakda na Filipino ang maging pangunahing midyum ng pagtuturo. Hindi lamang ito pagtalima sa mga probisyong pangwika sa Konstitusyon. Pagkilala rin ito sa katunayan na sariling wika ang higit na mabisang kasangkapan ng edukasyon; at ang edukasyon na ginagamitan ng wikang naiintindihan ng nakararami ay paghawan ng landas tungo sa katarungang panlipunan.

Ngunit hindi sapat ang isang *Patakarang Pangwika* para palaganapin ang wikang Filipino sa akademya. Kailangan ang mga kagamitang panturo, lalo na ng mga teknbuk sa Filipino na magagamit ng mga guro at mag-aaral. Isinilang ang proyektong Aklatang Bayan para isulat at maglimbag sa wikang Filipino ng mga aklat sa iba't ibang disiplina.

Ang pagsulat ng mga teknbuk ay nilahukan ng mga guro at iskolar sa iba't ibang disiplina gayundin ng mga manunulat at eksperto sa wikang Filipino. Sinuportahan naman ang paglilimbag ng mga ahensiya ng pamahalaan tulad ng Kagawaran ng Agham at Teknolohiya (DOST), ilang maasahang lider pampolitika ng bansa, at iba pang indibidwal na may pagmamalasakit sa pambansang wika.

Mula nang simulan ang proyekto noong 1994, humigit nasa isang daang titulo ang na sa Aklatang Bayan. Hindi lamang ang dami ng mga nailimbag na libro ang ipinagkakapuri nito kundi ang kahusayan ng mga ito. Tumanggap ang ilan sa mga libro ng mga parangal at pagkilala mula sa iba't ibang samahan at institusyon. Noong 1997, pinarangalan ang Sentro ng Wikang Filipino bilang Publisher of the Year sa National Book Award ng Manila Critics Circle at noong 20014, Gawad Dangal ng Wikang Filipino mula sa Komisyon sa Wikang Filipino. Noong 30 Enero 2017, nakatanggap ang Sentro ng Wikang Filipino sa pamamagitan ng programang Aklatang Bayan ng Certificate of Recognition mula sa Gawad Pangulo ng Unibersidad ng Pilipinas sa karangalan ng serbisyo publiko.

Pagkaraan ng dalawang dekadang paglathala ng mga teknbuk, isinilang ang proyektong ekstensiyon ng Aklatang Bayan, ang paglathala ng aklat para sa komunidad, sa mga manunulat at ibang sektor na walang pagkakataong o kakayahang makapaglathala ng makabuluhang akda. Sa mga mambabasa na walang pagkakataong makapagbasa ng mga makabuluhang saliksik ng mga guro at mananaliksik ng Unibersidad.

Inaasahan na sa pamamagitan ng Aklatang-Bayan, mas mabisang maipupunla ang karunungan sa mga kabataang mag-aaral, gayundin ang komitment na maipalaganap ang gayong karunungan sa sambayanang Filipino. Tunay na alay ito ng UP sa bayan!

Nahahati ang mga libro ng Aklatang Bayan sa iba't ibang serye alinsunod sa larangang kinabibilangan. Ito ang mga sumusunod:



### AKLAT BAHANDI (KAYAMANAN)

Serye ng isina-Filipinong mga klasikang akda sa dayuhang wika at mga wika ng Pilipinas. Sa wikang Bisaya nagsimula ang “bahandi,” ibig sabih’y “kayamanan.” Tunay na ikayayaman ng ating kultura ang pagkakaroon ng salin sa wikang pambansa ng mga itinuturing na mahalagang panitikan ng daigdig at ng bansa. Inililimbag sa serye ang mga aklat na nagtataguyod sa pag-unlad ng pambansang panitikan mula sa ambag ng panitikan ng daigdig at mga rehiyon sa Pilipinas.



### AKLAT BINHI

Serye ng mga teknbuk sa agrikultura. Sa wikang Tagalog at Hiligaynon nagmula ang salitang “binhi.” Tunay na ikauunlad natin ang pagkakaroon ng mga teknbuk sa agrikultura na nakasulat sa wikang pambansa at magagamit ng mga guro at mag-aaral. Inililimbag sa serye ang mga aklat na nagtataguyod ng kaalaman sa agrikultura para sa ating pambansang pag-unlad.

**AKLAT BULAWAN (GINTO)**

Serye ng mga muling limbag na antigong aklat sa wika at kultura. Ang “bulawan” ay isang salita sa Sugbuanon, Hiligaynon, Samar-Leyte, Bikol, Ilokano, at matandang Tagalog na katumbas ng “ginto.” Itinuturing na ginto at napakahalaga ang mga muling-limbag na aklat para sa saliksik ngayon hinggil sa kasaysayan ng wika at kulturang Filipino.

**AKLAT DANUM (TUBIG)**

Serye ng mga teksbuk sa agham dagat. Sa wikang Iloko at Bisaya nagmula sa salitang “danum” na nangangahulugang “tubig.” Inilimbag sa serye ang mga aklat na nagtataguyod sa kaalaman sa agham dagat—napakahalaga sa isang bansang naliligid at pinagdudugtong-dugtong ng malawak na katubigan.

**AKLAT ILI (BAYAN)**


Serye ng mga teksbuk sa agham panlipunan. Sa wikang Iloko at Ibanag nagmula ang salitang “Ili” o “bayan.” Inililimbag sa serye ang mga aklat na nagtataguyod ng kaalamang panlipunan, kaisipan, at kalinangang Filipino.

**AKLAT LAUM (PAG-ASA)**

Serye ng mga teksbuk na medikal, dental, at kaugnay na mga larangan. Sa wikang Hiligaynon at Sebuano nagmula ang saling “laum,” o “pag-asa.” Inililimbag sa serye ang mga aklat na nagtataguyod sa kalusugan ng mamamayang Filipino alang-alang sa pagbubuo ng mas malinis, mas maunlad, at mas malakas na pamayanan.

**AKLAT PARALUMAN**

Serye ng mga teksbuk sa agham at matematika. Ang “paraluman” ay sinaunang salitang Tagalog na tumutukoy sa kasangkapang kahawig ng compass na ginagamit noon ng mga mandaragat para malaman ang kanilang patutunguhan. Itinuturing na makabagong paraluman ang mga teksbuk na ito tungo sa wastong pagkatuto ng mga estudyante sa agham at matematika.

**AKLAT PASAD (KONSTRUKSIYON)**

Serye ng mga teksbuk sa inhenyeriya at mekanika. Sa wikang Hiligaynon na nagmula ang salitang “pasad” o “konstruksiyon.” Inililimbag sa serye ang mga aklat na nagtataguyod ng kaalaman sa inhenyeriya at mekanika para sa kabataang Filipino.

**AKLAT SANYATA (LIWANAG O GANDA)**

Serye ng mga teksbuk sa arte, literatura, wika, at humanities. Sa wikang Iloko nagmula ang salitang “sanyata,” ibig sabih’y “liwanag” o “ganda.” Inililimbag sa serye ang mga aklat na magpapayaman sa kultura at diwang Filipino.



#### AKLAT USWAG (SULONG O PAG-UNLAD)

Serye ng mga teksbuk sa larangan ng ekonomiya. Sa wikang Hiligaynon nagmula ang salitang “uswag” na “sulong” o “pag-unlad” ang ibig sabihin. Nakalaan ang serye sa mga pag-aaral at pananaliksik sa ekonomiya na napakahalaga sa ating pambansang pag-unlad.

#### AKLAT BAHANDI (KAYAMANAN)



#### SI ALICE SA DAIGDIG NG MGA HIWAGA

ni Lewis Carroll  
Salin ni Aurora E. Batnag

P150.00 135 p.; 13 x 20 cm; c2000

(bookpaper; softbound)

ISBN971-8781-95-1

Isang salin sa Filipino ng sikat na kuwento ni Lewis Carroll na Alice in Wonderland. Itinatampok sa libro ang samotsari at makukulay na karanasang nabuo sa pusod ng isip ng bata. Ipinaloob sa makabagong parabula at paradoha ang pagsasalikop ng

dahas at paglaya, ng lungkot at pagtuklas ng pagbabanyuhay at pagmamahal.



#### DIYOS NG MALILIIT NA BAGAY

Ni Arundhati Roy  
Salin ni Monico M. Atienza

P275.00 430 p. 13.5 x 17.5 cm; c2002

(bookpaper; softbound)

ISBN 971-635-013-9

[out of print; archive copy]

Kahanga-hanga si Arundhati Roy, kapuwa sa pagkatao't pagkamanunulat at pagkanobelista at tahasang kapansin-pansin, at kahanga-hanga sa kaniyang kakaibang kakayahan sa paggamit at paggagap ng wika—umaangkop, tumitiyak, nagbubuo, nagwawasak—sumasamba, tumatakas! Sa pagbasa't paglirip nang may kaganapan sa kaniyang THE GOD OF SMALL THINGS, hindi maiwasang sabihing “(may) salita ang maliit at mangmang, di lamang sa DESIDERATA—sa totoo at lipunan man... (mas) madalas ay may puntirya... nakaangkla (ngang) kamalayan... lagi mang minumunti, minamangmang.” At sa ating buhay, mawiwika pa, “mundo’y nagagagap... na pinipino pa ng sa taong yakap... (at) sa taong agham ay di-matitinag... (tayo’y) umaalam... sa pakikitalad (upang dama’t isip tunay na tumalas... (tumingkad) ang nasa sulat at bigkas.”




**LABINDALAWANG KUWENTO NI VICENTE SOTTO**

Salin ni Remedios B. Ramos, pinamatnugutan ni Erlinda K. Alburo

P150.00 140 p.; 13 x 20 cm; c1998  
(bookpaper; softbound) ISBN 971-8781-90-0  
(UP Iloilo; archive copy]

Makatutulong ang aklat na ito upang angkupan ang pangangailangan sa pangunahing batis sa pag-aaral at pagtuturo ng kasaysayang pangkultura ng Pilipinas. Para sa mga Cebuano at Filipinong nakaririnig o nakababasa tungkol kay Sotto, magbibigay ang librong ito ng kongkretong ebidensiya ng kanilang ambag sa kilusang makabayan at magbibigay ng linaw sa ugnayan ng kultura at kasaysayan sa isang mahalagang rehiyon ng bansa.



**ANG MATANDA AT ANG DAGAT**

Ni Ernest Hemingway  
Isinalin ni Jesus Manuel Santiago

P150 120 p.; 13 x 20 cm; c2000  
(bookpaper; softbound)  
ISBN 971-8781-91-9  
(Out of print, archive copy)

Isang salin sa Filipino ng sikat na obra ni Ernest Hemingway na *The Old Man and the Sea*, isang kuwentong nagtatampok sa lakas at dangal ng tao.



**ANG MATANDA AT ANG DAGAT**

Ni Ernest Hemingway  
Isinalin ni Jesus Manuel Santiago

P150 120 p.; 13 x 20 cm; c2014 (reprint)  
(bookpaper; softbound)  
ISBN 971-8781-91-9

Isang salin sa Filipino ng sikat na obra ni Ernest Hemingway na *The Old Man and the Sea*, isang kuwentong nagtatampok sa lakas at dangal ng tao.



**ANG TALA, MGA PANAGINIP AT BULAKLAK NA LIBINGAN NG DAGA**

Salin ni Mario I. Miclat

P100.00 228 p.; 15 x 20 cm; c2001  
(bookpaper; softbound)  
ISBN 971-635-000-7  
[out of print; archive copy]

Ang kathang agham ay sangay ng fiction na patungkol sa posibleng epekto ng siyensiya at bagong teknolohiya sa tao at/o sistemang panlipunan. Pumapatungkol ito sa bagong pagtingin sa lipunan ng tao o sa katangian ng indibidwal, o sa mga bagay na magaganap sa hinaharap, ayon sa isang teoryang siyentipiko.

Tampok sa *Ang Tala* ang malayong bukas, upang malimi ang hiwaga ng nakaraan na nagpabago sa kasaysayan ng sangkatauhan. Dadalhin din tayo ng *Mga Panaginip* ni Einstein sa nakaraan para maintindihan ang takbo ng isip at diwang nag-uudyok sa isang dakilang siyentista. Samantalang, ang *Bulaklak sa Libingan ng Daga* ay kuwento ng isang kagila-gilalas na eksperimento upang maging henyo ang isang taong salat sa isip.



**MGA TALULOT NA DUGO**

Ni Ngugi Wa Thiong'o  
Salin ni Romeo G. Dizon

P250.00 475 p.; 15 x 20 cm; c2002  
(bookpaper; softbound)  
ISBN 971-635-012-0

Tinangkang hulihin ng salin ang *Petals of Blood* ng Africa ang pekulyar na kultura nito, ang kanilang mga paniniwala, mga ritwal, diwa ng pamayanan, at mga ugnayan ng mga indibidwal; ang buhay panlipunan; ang kanilang pakikibaka

para mawasto't mawala ang iba't ibang pinsalang idinulot ng pananakop ng mga Europeo. Ang pandarambong na naganap at ang pagbabaluktot ng kanilang kultura lalo na sa larangan ng kabuhayan, mga paniniwala't pagpapahalaga. Lahat ng ito'y masinop na inilipat sa wikang Filipino.

Ituturing ang nobelang ito bilang halimbawa kung papaano nilabanan ng mga mamamayang Aprikano ang mapaminsalang hibo ng pananakop, lalo na sa mga papel na ginampanan ng pangunahing mga tauhan. Bagamat nanggaling ang bawat isa sa iba't ibang antas ng buhay, lahat ay may namumukod na pagtingin at kalutasan sa panlipunang problema. Hindi magkukulang ang nobela sa mga madramang tagpo at nakamamanghang pagtatapos ng naturang mga tagpo.

**AKLAT BINHI****ILAHAS SA TROPIKO**


Roberto P. Rubio

P175.00 142 p.; 18 x 25 cm; c1998  
(bookpaper; softbound)  
ISBN 971-8781-75-7

[UP Los Baños; archive copy]

Teksbuk sa larangan ng Agrikultura na naglalaman ng mga tuntunin sa pamamahala ng ilahas (wildlife) sa tropiko. Nahahati sa apat na bahagi: I. Pagsinop ng Ilahas; II.

Biolohiya ng Ilahas; III. Ekolohiya ng Ilahas; at IV. Pamamahala ng Ilahas.

**MGA PRODUKTONG GUBAT AT AGHAM KAHoy**

Ramon A. Razal

P100.00 103 p.; 18 x 25 cm; c1998  
(bookpaper; softbound)  
ISBN 971-8781-74-9

[UP Los Baños; archive copy]

Bahagi ng likas na yaman ng Pilipinas ang mga sari-saring produktong hango sa mga punongkahoy at iba pang halamang tumutubo sa mga kagubatan ng bansa. Kabilang sa mga produktong ito ang tabla, veneer, plywood, pulp, papel at ang iba't ibang uri ng mga produktong ginagamit bilang materyal sa paneling, konstruksiyon at paggawa ng mga muwebles. Pinalalawak ng aklat na ito ang kaalaman ukol sa katangian at tamang paggamit ng mga produktong ito. Makatutulong din ang mga dagdag na kaalaman sa episyenteng pagmamanupaktura upang maiwasan ang labis na paggamit at mga nasasayang na pira-pirasong kahoy sa mga planta o pagawaan. Sa ganitong paraan, natutulungan ang mga industriyang nabanggit upang mabawasan ang gastusin at tumaas ang kanilang kita. Sa kabilang dako, nababawasan naman ang pangangailangang magputol ng karagdagang mga punongkahoy at naisusulong ang konserbasyon ng mga likas-yamang pangkagubatan.

## AKLAT BULAWAN (GINTO)

**PAGSUSULATAN NG DALAUANG BINIBINI:  
URBANA AT FELIZA**

Modesto de Castro  
Romulo P. Baquiran, Jr., editor

P200.00 208 p.; 18 x 25 cm; c1996  
(bookpaper; softbound)  
ISBN 971-8781-28-5

Isa sa mahuhusay na akdang prosa ng siglo 19 at itinuturing na prototipo ng nobelang Filipino. Layunin nitong maging panuto sa asal pansarili at pangkapwa-tao, bukod sa maging babasahing may layuning pastoral.

Magkaagapay sa edisyong ito ang binagong anyo ng akda (edisyong 1907) at binagong anyo sang-ayon sa ortograpiya ng modernong Filipino.

**POETIKANG TAGALOG: MGA UNANG  
PAGSUSURI SA SINING NG PAGTULANG  
TAGALOG**

Fray Gaspar de San Agustin, Fray Francisco Bencuchillo, Jose P. Rizal, at Lope K. Santos  
Virgilio S. Almario, editor; salin sa Espanyol ni Trinidad O. Regala at ng Jose Rizal Centennial Commission

P200.00 159 p.; 18 x 25 cm; c1996  
(bookpaper; softbound)  
ISBN 971-8781-05-06

Kalipunan ng mga batayang pagsusuri sa panulaang Tagalog sa panahon ng Espanyol at sa bungad ng siglo 20 na humantong sa kodipikasyon at pormalisasyon ng tugma, sukat, at iba pang salik na katutubo sa pagtula sa Pilipinas. Kabilang sa mga pagsusuri: bahagi ng mga Compendio del arte de la lengua tagala (San Agustin); Arte poetico tagalog (Bencuchillo); Arte metrica del tagalog (Rizal); at Peculiaridades de la poesia tagala (Santos).


**SI TANDANG BASIO MACUNAT**

Fray Miguel Lucio y Bustamante  
Virgilio S. Almario, editor

P200.00 120 p.; 18 x 25 cm; c1996  
(bookpaper; softbound)  
ISBN 971-8781-10-2

Isang klasikong katha ng ika-19 daantaon. Sa isang banda, isa ito sa tinatawag na “pamaraang oskurantista” ng kolonyalismong Espanyol.

Sinulat ayon kay Marcelo H. del Pilar, kaban sa mithiin ng mga Filipino na maging edukado. Sa kabilang banda, mohon ito sa orihinal na panitikang tuluyan at mababanaagan ng simula ng realismo sa pagkukuwento. Magkaagapay sa edisyong ito ang orihinal na teksto (1885) at binagong anyo sang-ayon sa ortograpiya ng modernong Filipino.

**COFRADIA DE SAN JOSE (MGA TALA NG  
KASAYSAYAN)**

Setsuho Ikehata & Lilia F. Antonio (mga editor)


P350.00 527 p.; 18 x 25 cm c2007  
(bookpaper; softbound)  
ISBN978-971-635-026-5

Mapapansin na sa mga naunang kasaysayan ng Pilipinas, ang tuon ng pansin ay ang mga dokumentong magagamit — kolonyal ang katangian at sumasalamin sa kamalayan ng mga kolonyalista. Kung makikita man ang pananaw ng mga Filipino, karaniwan ay mula sa punto de bista lamang ng mga ilustrado na nagtatangkang magpasikat sa mga kolonyalista at ipakita na ang mga Filipino ay kapantay nila at karapat-dapat para sa mga kolonisador sa kanilang teritoryo at sa kanilang sukatan. Marami pa rin sa mga aklat ng kasaysayan ang nagpapahayag ng ganitong pagkiling— ang mga Filipino ayon sa sukat ng “pormal” at “tanggap” na sukatan ng hulmahang Europeo. Maunawaan ang ganitong gawi sa dahilang nais ipakita ng mga Filipino na sila ay dapat na seryosong mabigyan ng tulad na mga karapatan at pribilehiyo na tinatamasa ng mga kolonisador.



Ang pag-aaral sa Cofradia de San Jose at sa mga tala nito, lalo na ang mga isinulat ni Apolonario dela Cruz, ay nagbibigay ng perspektibong Filipino sa kaniyang pisikal at espirital na daigdig, sa kaniyang nakaraan at sa kaniyang pagkatao.

### AKLAT DANUM (TUBIG)



#### **BATAYANG PROSESO SA PRODUKSIYON NG ISDA**

Jose Peralta, Leticia Ami, Akllani-Rose G. Delacruz-Hidalgo, Erlinda Panggat


P250.00 149 p.; 18 x 25 cm; c1998

(bookpaper; softbound)

ISBN 971-8781-64-1

[UP Visayas; archive copy]

Inihanda ang aklat na ito para sa mag-aaral ng teknolohiya sa pagdadala at pagpoproseso ng isda. Gabay rin ito para sa mga nasa industriya. Isinasaad sa unang bahagi ang mga prinsipyo ng pagdadala at pagkalinga ng isda. Naglalaman ang ikalawang bahagi ng mga pangunahing teknolohiya sa pagpoproseso ng mga isda.



#### **PAGGAWA NG MGA BAGONG PRODUKTO SA PAGKAING-DAGAT**

Emilia M. Santos-Yap

P150.00 186 P.; 18 X 25 CM; C1998

(bookpaper; softbound)

ISBN 971-8781-65-4

[UP Visayas; archive copy]

Handbook sa paggawa ng mga bagong produkto mula sa pagkaing-dagat, tulad ng pusit at tuna. Tinatalakay sa libro ang sistema at proseso, paggawa, paglikha ng mga prototype, packaging, pagtiyak sa kalidad, at pagbebenta ng mga produktong ito sa pamilihan

### AKLAT ILI


#### **ANGKAN NI SOCRATES**

Malaya Ronas

P200.00 150 p.; 18 x 25 cm; c1998


(bookpaper; softbound)

ISBN 971-8781-78-1



Layunin ng aklat na talakayin ang mga kaisipan na humubog sa kanluraning pananaw hinggil sa lipunan, ekonomiya, at politika. Labing-walong piling pilosopo mula sa klasikong panahon ng mga Griyego at Romano hanggang sa kontemporaryong panahon ang napapaloob sa aklat. Limang tema ang nag-uugnay sa iba't ibang panahon na saklaw ng aklat: (1) layunin ng lipunan, (2) kalikasan ng tao, (3) mga uri ng estado, (4) pagbabago ng lipunan at estado, at (5) mga pangunahing isyu ng ekonomiya.

Mabisang paraan ang ganitong paglalahad upang isalarawan ang ebolusyon ng mga kasalukuyang teorya sa larangan ng sosyolohiya, ekonomiks, at agham pampolitika. Higit na mauunawaan ang mga kontemporaryong usaping teoretikal sa agham panlipunan sa pamamagitan ng isang pananaw na tumutukoy sa kanilang pinagmulan.

**MGA BABASAHIN SA AGHAM PANLIPUNAN I**


Marilu Cardenas, Soledad Dalisay, Jessica Dator, Althea Fernandez, Sabino Padilla, Joseph Palis, Jessica Grace Rubrico, Mariano Sto. Domingo, Rossana Luz Valerio, at Jay Yacat; Prospero Covar (editor)

P250.00 173 p.; 18 x 25 cm; c1999

(bookpaper; softbound)

ISBN 971-8781-97-8

Teksbuk para sa panimulang kursong Agham Panlipunan I. Ang mga babasahin ay isinulat ng mga batang guro na kumakatawan sa sampung disiplina ng Agham Panlipunan. Ang aklat ay may talatakdaan ng pansemestrenge asignatura bilang giya ng guro at mag-aaral. Pinayaman ang ilang bahagi ng diagram, ilustrasyon, pigura at hanayan. Liban sa pag-aaral ng malawakang kalagayan ng mundo, itinataguyod ng teksbuk ang kultura at diwang Pilipino.

**MGA BABASAHIN SA AGHAM PANLIPUNAN I**

Marilu Cardenas, Soledad Dalisay, Jessica Dator, Althea Fernandez, Sabino Padilla, Joseph Palis, Jessica Grace Rubrico, Mariano Sto. Domingo, Rossana Luz Valerio, at Jay Yacat; Prospero Covar (editor)

P250.00 173 p.; 18 x 25 cm; c2009 (reprint)

(bookpaper; softbound)

ISBN 971-8781-97-8

Teksbuk para sa panimulang kursong Agham Panlipunan I. Ang mga babasahin ay isinulat ng mga batang guro na kumakatawan sa sampung disiplina ng Agham Panlipunan. Ang aklat ay may talatakdaan ng pansemestrenge asignatura bilang giya ng guro at mag-aaral. Pinayaman ang ilang bahagi ng diagram, ilustrasyon, pigura at hanayan. Liban sa pag-aaral ng malawakang kalagayan ng mundo, itinataguyod ng teksbuk ang kultura at diwang Pilipino.

**GAWAING REFERENCE AT IMPORMASYON: INTRODUKSIYON**


Juan C. Buenrostro, Jr.

P175.00 150 p.; 18 x 25 cm; c1998

(bookpaper; softbound)

ISBN 971-8781-66-8

Batayang aklat sa kursong Reference at Impormasyon sa larangan ng agham pang-aklatan at impormasyon. Inaasahang magkakaroon ng matibay na pundasyon sa larangang ito ang mga baguhang estudyante: mula sa kakulangan ng "reference at impormasyon" paano ito sumibol sa mga library at sentro ng impormasyon hanggang sa papel ng reference librarian sa paghahatid ng impormasyon sa mambabasa.

**KASAYSAYAN NG FILIPINAS AT MGA INSTITUSYONG FILIPINO (BINAGONG EDISYON)**


Eden M. Gripaldo, Rowena R. Boquiren, Evelyn A. Miranda, Ricardo T. Jose, Violeta S. Ignacio, Dante L. Ambrosio, Phoebe Zoe Maria U. Sanchez, Daniel C. Talde, Henry F. Funtecha, Dwight A. Diestro, Bernard Leo M. Karganilla, Roberto C. Mata

P300.00 365 p.; 18 x 25 cm; c2003; 2009

(bookpaper; softbound)

ISBN 978-971-635-016-3

Ang kasalukuyang aklat ay pagtatangka ng mga may-akda na pahalagahan ang pananaw na maka-Filipino. Ito ang magiging babasahin sa kursong Kasaysayan I, tinatalakay dito ang kasaysayan ng Pilipinas at mga institusyong Filipino. Kabilang dito ang mga aspektong pampolitika, pangkabuhayan, panlipunan, at pangkulturang pagyabong ng Pilipinas. Inaasahan na matutuhan ng mga mag-aaral ang mga layunin ng kurso na



magkaroon ng malawak na pananaw sa kasaysayan sa Filipino upang mapalahagahan ang mayamang pamana ng kalinangang Filipino; maitaguyod ang kamalayang makasaysayan sa malinaw na paglalahad sa pamamagitan ng makaagham na pamamaraan ng pag-aaral at pagsusulat ng kasaysayan; at mapatindi ang marubdob na pag-alam na kaakibat ang mataas na antas ng moral at intelektuwal na katapatan sa sarili at sa bayan.



**MARAMING KATANUNGAN, IILANG KASAGUTAN INTRODUKSIYON SA PILOSOPIYA**

Dan Reynald Magat

P250.00 145 p.; 18 x 25 cm; c2003  
(bookpaper; softbound)  
ISBN 971-635-017-1

Tampok sa aklat na ito ang pag-aaral sa iba't ibang paksa ng Pilosopiya tulad ng metapisika; epistemolohiya; etika o pilosopiyang moral, teorya ng politika, at lohika at teorya ng lohika.



**MARIANO PONCE: CARTAS SOBRE LA REVOLUCIÓN**

Salin nina Ma. Luisa Camagay at Wyan del Peña

512 p.; 18 x 25 cm; c1997  
P500.00 (hb) ISBN 971-8781-56-0 (pb)  
P400.00 (sb) ISBN 971-8781-68-4 (np)

Ang aklat ay salin ng kalipunan ng mga liham ni Mariano Ponce na naging kinatawan o sugo ng Republika ng Malolos sa Hapon. Mahihiwatigan sa mga liham ang pagsisikap

niya na kilalanin ng bansang Hapon ang bagong tatag na Republika.

**NALANDANGAN: KULTURANG KAPAYAPAAAN NG INAY MALINANDANG NG TALAANDIG**

Geraldine Delos Cientos, RSCJ,  
Komunidad ng Talaandig ng Sungko  
Lantapan, Bukidnon

P250.00 216 p.; 18 x 25 cm; c2014  
(bookpaper; softbound)  
ISBN978-971-635-043-2

Tungkol ito sa halagahan at aral na halaw mula sa pamamaraan at kilos-kapayapaan ng kababaihang Talaandig. Mga salaysay ng mga Inay Malinandang, mga nanay na kumikilos para sa kapayapaan ang naging daan na nagbukas sa mundo, pananaw, at halagahan ng malawak na salitang kapayapaan ng Talaandig.

Inilahad dito ang resolusyon, kautusan, at batas mula sa UN at DepEd tungkol sa ugnayan ng kilos-kapayapaan ng kababaihan at edukasyon bilang pagtanaw sa kahulugan at nilalaman ng edukasyong pangkapayapaan sa bansa. Kasama ang paglalahad at pagsusuri ng isang halimbawang gabay sa pagtuturo na ginagamit sa pagtuturo ng Peace and Global Education sa Unibersidad ng San Carlos. Ang kahulugan ng edukasyong pangkapayapaan ng balangkas ng pitong modyul, aral at halagahang halaw mula sa prosesong kapayapaan ng mga Inay Malinandang ng Talaandig at balangkas para sa pagtuturo at pag-aaral ng edukasyong pangkapayapaan ng teachers' training sa mga antas ng mataas at mababang paaralan. Inaasahan na sa pamamagitan ng katutubong halagahan ay mapayaman pa ang mga pagsisikap para sa edukasyong pangkapayapaan ng K-12 sa bansa.





**PAGKAKATALOG AT KLASIPIKASYONG NG MGA BABASAHIN: INTRODUKSIYON**


Rosalie B. Faderon at Mary Anne Victoria Y. Ingles

P175.00 149 p.; 18 x 25 cm; c1998

(bookpaper; softbound)

ISBN 971-8781-76-5

Introduksiyon ito sa isa sa mga gawaing pang-aklatan—ang pagkakatalog at klasipikasyon ng mga babasahin. Tinatalakay rito ang iba't ibang alituntunin at pamamaraan sa paglalarawan ng mga babasahin (bibliographic description), sa pag-alam ng mga paksang nilalaman ng mga ito, ang pagsalin ng mga paksang tinatalakay sa katumbas at angkop na paksang pamuhatan at ang pagsasaayos ng mga ito sa isang aklatan. Tinatalakay rin dito ang kasaysayan ng katalogo at ang pag-unlad ng mga alituntunin sa pagkakatalog; mga katangian ng iba' ibang kagamitan sa pagbibigay ng paksang pamuhatan at bilang klasipikasyon; at ang paggamit ng computer sa pagkakatalog at klasipikasyon.



**PAGLILITIS KAY RIZAL**

Cezar C. Peralejo

P200.00 154 p.; 18 x 25 cm; c1999

(bookpaper; softbound)

ISBN 971-8781-97-8

Iniaalay ang munting akdang ito para sa pagdiriwang ng sentenaryo ng kalayaan ng bansang Filipino — ang dakilang bunga ng pagkabitay ni Gat. Jose P. Rizal. Marapat na unawain ang mga pangyayaring naganap sa paglilitis ng mga krimeng ipinaratang sa kaniya. Kabilang dito ang usapin na siya ang utak ng rebolusyon noong Agosto 26, 1896 at ang pagkatatag ng *La Liga Filipina* na sinasabing kinasangkapan sa pag-aaklas ng mga Filipino.

Sa pamamagitan ng aklat na ito, masusuri at mapag-aaralang mabuti ang mga dokumentong may kaugnayan sa paglilitis kay Rizal.

**PAGKATAO AT TEKNOLOHIYA**


Leonardo D. de Castro

P175.00 149 p.; 18 x 25 cm; c1998

(bookpaper; softbound)

ISBN 971-8781-89-7

Masinsinan ang ginagawang pagtalakay sa aklat na ito— nagpapatunay sa malalim at mapanuring pamilyaridad ng may-akda sa kontemporaryong medisina at sa mga problemang dulot nito. Sa kaniyang pilosopikal na pagbalangkas, naipakikita ng awtor na ang mga kamangha-manghang teknolohiyang medikal ay may mga nakatagong patibong na dapat pag-ingatan. Ipinaliliwanag ng aklat ang malaking hamon para sa mga gumagamit ng teknolohiya. Dapat nilang ipakita na ang aplikasyon ng mga ito sa pag-aanak, cloning, sa pagsasalin ng organo, sa pananaliksik sa tao, at sa iba pang larangan ng medisina, ay mapakikinabangan nang ligtas at walang labag sa pagkatao.



**PAG-OORGANISA SA PAMAYANAN TUNGKOL SA KAUNLARAN MULA TAO PARA SA TAO**


Angelito G. Manalili

Ph280.00 398 p.; 15 x 23 cm; c2012


(bookpaper; softbound)

ISBN978-971-635-040-1

Ang aklat ay puno ng kuwento ng buhay na naging patunay na ang “kasaysayan ng sambayanang Pilipino ay kasaysayan ng pag-oorganisa at sama-samang pagkilos ng masa para sa kalayaan at kagalingan ng lipunan.” Ang kuwento sa aklat na ito ay hinabi hindi lamang sa pagtuturo ng pamamaraan ng pag-oorganisa at pagkilos kundi higit sa lahat nagbibigay ng liwanag at lakas ng loob— inspirasyon. Pinatunayan ng awtor na ang kuwento ay mabisang sandata sa paglinang ng daan tungo sa kalayaan at kagalingang panlipunan.



Ipinagmamalaki sa aklat na ito ang pag-oorganisa na bunga ng mga karanasan ng mamamayang Pilipino, lalo na ang mga mahihirap sa kanilang pakikipagtunggali sa mga lokal at dayuhang mapagsamantala. Akma ang inilalahad na mga prinsipyo at pamamaraan ng pag-oorganisa sa panahon ng “Globalisasyon” kung saan mas higit ang kalituhan at ligalig. Higit na kailangan ang ganitong aklat na magpapaalala sa atin na bumalik sa “basics” “mula sa masa tungo sa masa.”



**PAMIMILOSOPPIYA: MGA PAGDULOG AT KONSEPTO**

Perseville U. Mendoza, Ma. Theresa T. Payongayong, Jeanette L. Yasol-Naval

Php150.00 131 p.; 15 x 23 cm; c2011

(bookpaper; softbound)

ISBN 978-971-350-358-8

Ang salitang “pilosopiya” ay madalas na nagpapahiwatig ng malalim at masalimuot na mga paksa na tila hindi maaaring maunawaan ng karaniwang indibidwal.

Sa aklat na ito, ipinapakita ng mga may-akda na, salungat sa karaniwang pananaw, isa itong gawain na bukas kanino man sa interesadong mag-isip at magpalawak ng kaalaman. Sadyang mahiwaga ang karaniwang paksa, ngunit di nangangahulugang hindi kayang matarok. Nag-aalok ang aklat na ito ng mga pagdulog na maaaring maging gabay sa pagtalakay at pagtuklas ng likas na kagandahan ng disiplina. Sa ganang ito, mapagtatanto na higit sa lahat, ang pilosopiya ay isang disiplina na isinasagawa, na ang pamimilosopiya ay gawain.

**PILOSOPPIYA: LOHIKA AT PANGANGATWIRAN SA PANAHON NG COMPUTER**


Agerico M. de Villa, Gerald Pio M. Franco

P250.00 186 p.; 18 x 25 cm; c2002

(bookpaper; softbound)

ISBN 971-635-009-0

Binubuo ito ng tatlumpu't dalawang kabanata na tungkol sa iba't ibang aspekto ng pangangatwiran sa pamamagitan ng Modernong Wikang Simbolo. Ang 1-8 kabanata ay tungkol sa mga pangkalahatang konsiderasyong may kinalaman sa konsepto at lohika. Ang 9-18 kabanata ay tumatalakay sa lohika ng mga pangungusap. Ang 19-27 ay hinggil naman sa lohika ng pagsusuri. Ang 28-29 tungkol sa pangangatwirang siyentipiko at mga kakulangan nito. Ang 30-32, tungkol sa mga bagong kaganapan sa lohika. At ang huling bahagi ay tungkol sa kakulangan ng akda sa mga pagtatalakay nito at maaari pang magawa sa pag-aaral ng mga pangangatwiran sa wikang Filipino.



**REBOLUSYONG FILIPINO: MEMORIAS INTIMAS**

Manuel Sityar


Salin sa Filipino ni Trinidad O. Regala  
Pinamatnugutan ni Virgilio S. Almario

216 p.; 18 x 25 cm; c1998

ISBN 971-8781-70-6 (sb) P600.00

ISBN 971-8781-79-x (hb)

Salin mula sa Espanyol ng mga gunita ng isang “kaaway” sa unang yugto at “kapanalig” sa ikalawang yugto ng Rebolusyong Filipino. Isang mestisong Espanyol, si Sityar ay opisyal ng Guwardiya Sibil na sumapi sa hukbong Filipino noong katapusan ng siglo 20.



**SANTO TOMAS DE AQUINO**

Jose Manuel Antonio M. Tejido


P200.00 117 p.; 18 x 25 cm; c2005

(bookpaper; softbound)

ISBN 971-635-022-8

Naglalaman ang aklat na ito ng ilang artikulo mula sa Summa Theologiae ni Sto. Tomas de Aquino na isinalin sa wikang Filipino. Ipinapaliwanag dito ang kaugnayan nito sa ilang isyung panrelihiyon na nagsisilbing hamon sa sambayanang Filipino sa kasalukuyan. Maaari

itong gamiting gabay panrelihiyon sa pang-araw-araw na buhay, kahit na ano pa ang kaniyang pananampalataya at sinanibang iglesya o relihiyong samahan. Isinulat ni Sto. Tomas ang Summa Theologiae para sa mga mag-aaral ng pamantasang nagsisimula pa lamang sa pag-unawa ng Banal na Aral. Hindi niya ito isinulat para sa mga Katoliko lamang kundi para ito sa mga kabataang napakaraming itinatanong tungkol sa relihiyon tulad ng mag-aaral ngayon, at mga karaniwang Filipino. Marami sa kanila ang nalalabuan o kaya'y nababagot sa nakagisnang rehiliyon at pananampalataya.

**TEORYA NG BATAS**

Emmanuel Q. Fernando

P250.00 202 p.; 18 x 25 cm; c2002

(bookpaper; softbound)

ISBN 971-635-014-7

Tinatalakay ng aklat na ito ang iba't ibang teorya ng batas lalo nang nagmumula sa tradisyon ng Klasikong Etika at ng Agham Panlipunan. Gayundin ang teorya ng batas ng Klasikong Likas ng Batas, Karapatang Likas, Makasaysayang

Hurisprudensiya, Sosyolohikong Hurisprudensiya at Realismong Panlegal ng Amerika.

Maingat at ganap na ipinaliwanag ng may-akda ang mga katangian at ang mga kritisismo sa bawat teorya ng batas. Ipinakita rin niya ang kahalagahan at ang kaugnayan ng pag-aaral ng pilosopiya ng batas para sa mag-aaral, hindi lamang sa pag-unawa ng batas, kundi sa pag-intindi ng mga panlipunan at pampolitikang problema sa mundo at kaniyang pagkatao mismo.

**AKLAT LAUM****ENTOMOLOHIYA MEDIKAL**

Lilian A. de las Llagas

P200.00 131 p.; 18 x 25 cm; c1998

(bookpaper; softbound)

ISBN 971-8781-52-8

[UP Manila]

Isinulat ang aklat na ito para sa mga mag-aaral ng Entomolohiya Medikal bilang isang panimulang sanggunian. Tumatalakay ito sa morpolohiya, gawi ng buhay, pamamaraan ng pagsugpo, at mga sakit na dinadala o idinudulot ng iba't ibang uri ng mga kulisap o insekto at iba pang kamag-anakan nito.

**INSEKTO SA FILIPINAS**

Lilian de las Llagas


P220.00 180 p.; 18 x 25 cm; c2001

(newsprint; softbound)


ISBN 971-8781-96-x

[UP Manila; Archive copy]

Binuo at hinanda ang aklat para sa mga guro at mag-aaral ng biyolohiya bilang isang sanggunian sa pag-aaral ng mga insekto sa Pilipinas. Tumatalakay ito sa iba't ibang uri ng mga insekto na nabibilang sa natatanging grupo ng mga hayop na kasama sa Phylum Anthropoda. Kabilang sa mga paksa ang identipikasyon, morpolohiya at pisyolohiya, paglaki at metamorphosis, tirahan at gawi, ekonomiko, at medikal na kahalagahan sa tao. Nagbibigay din ito ng panimulang kaalaman ukol sa sistematikong klasipikasyon ng mga insekto sa Pilipinas.







**MORPOLOHIYA AT PISYOLOHIYA NG NGIPIN**

Leonor C. Lago

P200.00 230 p.; 18 x 25 cm; c1998

(bookpaper; softbound)

ISBN 971-8781-18-8

[UP Manila; Archive copy]

Ang aklat na ito ay maituturing na pundasyon sa mga mag-aaral ng Dentistri. Sinikap bigyan ng angkop na salin sa wikang pambansa ang mga terminolohiya at mga konseptong dinevelop sa disiplina.

Inaasahang makapagpapadali ito sa talakayan at pag-unawa ng mga estudyante at makatutulong naman sa pagtuturo ng kaguruan ng Dentistri.

---

**AKLAT PARALUMAN**



**AGHAM, TEKNOLOHIYA AT LIPUNAN (MGA BABASAHIN SA STS)**

Lilia Q. Santiago, *editor*

P330.00 407 p.; 21 x 27.5 cm; c1997

(bookpaper; softbound)

ISBN 971-635-006-6

Ang Agham, Teknolohiya, at Lipunan ay naglalaman ng mga isinaling babasahin sa STS. Ang STS ay isang G.E. na kurso na kinukuha ng lahat ng estudyante anuman ang kanilang disiplina.

**AGHAM PANGKALIKASAN I**

PISIKA: Rolando G. Diamante, Zenaida B. Domingo, Cesar D.L. Reyes, at Danilo M. Yanga; KEMISTRI: Josephina C. Flores, Victoria S. Hernandez, at Luciana V. Ila


P160.00 226 p.; 18 x 25 cm; c1997

(bookpaper; softbound)

ISBN 971-8781-46-3

[out of print; archive copy]

Teksbuk para sa kursong Agham Pangkalikasan I ng Unibersidad ng Pilipinas at tumatalakay sa mga panimulang kaalaman sa pisika at kemistri.



**AGHAM PANGKALIKASAN II**

BIYOLOHIYA: Juliana Baylon, Ernelea Cao, Arsenia Casauay, Annabelle Herrera, Celia Longid, Nellie Lopez, Damasa Macandog, Gilda Rivero, at Rosario Rubite; GEOLOGY: Roderick Amores, Maria Nina Raquel Casareo, Carla Dimalanta, Edanjarlo Marquez, Priscilla Militante-Matias, Eligio Obille, Jr., Karlo Queaño, at Teodoro Santos


P300.00 419 p.; 18 x 25 cm; c1997


(bookpaper; softbound)

ISBN 971-8781-47-1

[out of print; archive copy]

Textbuk para sa kursong Agham Pangkalikasan II ng Unibersidad ng Pilipinas at tumatalakay sa mga panimulang kaalaman sa biyolohiya at heolohiya.



**BATAYANG ALHEBRA**


Myrna Bermudo, Flora Cruz, Ofelia Orate,  
Giabelle Saldaña

P 165.00 232p.; 18 x 25 cm; c1997  
(BOOKPAPER; SOFTBOUND)  
ISBN 971-8781-31-5

[out of print; archive copy]

Teksbuk sa kursong Alhebra sa hay-iskul. Binubuo ng sampung yunit: Mga Ekspresyong Pangmatematika; Mga Operasyon sa Ekspresyong Alhebraiko; Mga Produktong Espesyal at ang Prosesong Factoring; Ang

mga Operasyon sa mga Ekspresyong Rasyonal; Mga pangungusap na Pangmatematika; Ang Cartesian Plane; Ang Paghanap ng Solusyon ng Isang Sistema ng mga Tumbasang nasa Unang Antas; Mga Radical; Mga Tumbasang Quadratic; Mga Varyasyon.

**BATAYANG BIYOLOHIYA**

Cresencia C. Joaquin, Rosalinda R. Esmundo, Josefina C. Carvajal, Paz C. Macahilig, Violeta V. Quintana, Romulo P. Baquiran, Jr., Richard R. Gappi, at Alexie V. Zotomayor

P250.00 350 p.; 18 x 25 cm; c1997  
(bookpaper; softbound)  
ISBN 971-8781-42-0

[out of print; archive copy]

Teksbuk sa kursong Batayang Biyolohiya sa hay-iskul. Binubuo ng pitong yunit:


I. Agham, Teknolohiya at Kaligiran; II. Enerhiya ng Buhay; III. Klasipikasyon ng mga May Buhay; IV. Batayang Kemikal at Cellular ng Buhay; V. Organisasyon sa mga Organismong Multicellular; VI. Henetika; VII. Ebolusyon: Teorya ng Pagbabago ng mga May Buhay.

**BATAYANG KEMISTRI**

Lilia F. Vergara, Cynthia B. Aguila, Lorna A. Aporto, Josefina C. Flores, Della A. Ibabao, Elisa G. Lapa, at Aurora A. Lianko

P250.00 352 p.; 18 x 25 cm; c1997  
(bookpaper; softbound)  
ISBN 971-8781-43-9

Teksbuk sa kursong Kemistri sa hay-iskul. Binubuo ito ng sampung yunit: I. Ang Kemistri; II. Ang Matter; III. Mga Anyo ng Matter-Ang Kinetic Molecular Theory; IV. Ang Atom at ang Periodic Table; V. Ang mga Chemical Bond; VI. Ang mga Reaksiyong Kemikal; VII. Mga Solution at Colloid; VIII. Chemical Kinetics; IX. Mga Asido at Base; at X. Elektrokemistri.


**BATAYANG PISIKA**

Vivien M. Talisayon, Luzita L. Alcid, Raphael V. Belleza, Teresa Gigi F. Ebaros, Art G. Gimelo, at Liza B. Patacsil

P300.00 439 p.; 18 x 25 cm; c1996  
(bookpaper; softbound)  
ISBN 971-8781-29-3

[out of print; archive copy]

Isang aklat para sa mga Filipinong mag-aaral sa ikaapat na baitang ng mataas na paaralan. Maaaring gamitin ang aklat na ito bilang isang teknbuk o reference sa klaseng pisika. Nahahati ito sa anim na yunit: Pagkilos at Puwersa, Ang Puwersa sa Matter, Mga Batas ng Konserbasyon, Vibration at Alon, Elektrisidad at Magnetismo, at Makabagong Pisika. May dalawa hanggang limang kabanata bawat yunit. Bawat kabanata ay may gawain para sa mga mag-aaral, pagtalakay ng mga konsepto o prinsipyo ayon sa mga datos o obserbasyon sa gawain, buod ng kabanata, at tulong sa mga mag-aaral o mga tanong sa bawat kabanata.





**BIYOLOHIYA II: MANWAL  
PANLABORATORYO**

Adelina A. Barrion, Ma. Fe Veronica Tudor,  
Ma. Carmina D. Colle, Netzie M. Bebing, Ma.  
Cecilia Reanmillo, at Ma. Alegria Robles

P175.00 170 p.; 22 x 28 cm; c1996

(bookpaper; softbound)

ISBN 971-8781-35-8

[UP Los Baños; archive copy]

Ikalimang edisyon ito ng manwal panlaboratoryo ng Biyolohiya II-kursong tumatalakay sa mga pangunahing prinsipyo na nauukol sa mga organismo, populasyon, at komunidad ng lahat ng bagay na may buhay sa mundo. Binigyang-diin sa edisyon ito ang pagsasama ng mga paksa na mahalaga sa pangkalahatang kaalaman ng mga mag-aaral.



**BIYOLOHIYA II: TALAAN AT GAWAIN**

Adelina A. Barrion, et al.

P175.00 128 p.; 22 x 28 cm; c1996

(bookpaper; softbound)

ISBN 971-8781-54-4

[UP LOS BAÑOS; ARCHIVE COPY]

Katambal na aklat ng Biyolohiya II: Manwal Panlaboratoryo. Isinama rin dito ang mga paksang mahalaga sa pangkalahatang kaalaman ng mga mag-aaral.

**BOTANIKANG PANGKABUHAYAN**

Ludivina Samson-de Padua

P75.00 45p.; 22 x 28 cm; c1996

(bookpaper' softbound)

ISBN 971-8781-06-4

[UP Los Baños; archive copy]

Tumatalakay ito sa mga halamang mahalaga sa ating pang-araw-araw na buhay at mga halamang maaaring mapagkakitaan ng ikabubuhay. Mga halamang katutubo at karaniwan dito sa ating bansa ang tampok sa librong ito. Kasama rin sa pagtalakay ang mga halamang maaaring makapinsala sa tao, tulad ng pagkalason, pangangati, o nagiging masamang bisyo. Layunin ng librong ito ang maikintal sa isip ng mga mag-aaral ang kahalagahan ng mga halaman at mga produktong nagmumula sa mga ito.



**BOTANIKANG PANLABORATORYO**

Consuelo V. Asia, Adoracion Arañez, Ernelea Cao, Daniel Lagunzad, Teresita Perez, Gilda Rivero, Remedios Roderos, Reynaldo Tabbada, at Prescillano Zamora


P250.00 163 p.; 22 x 28 cm; c1996


(bookpaper; softbound)

ISBN 971-8781-13-7

[UP Los Baños; Archive copy]

Ang Botanikang Panlaboratoryo ay naglalaman ng mga pagsasanay tungkol sa mahahalagang konsepto sa larangan ng Botanika. Bawat pagsasanay ay nagsisimula sa isang maikling introduksiyon na sinusundan ng mga paliwanang at gabay kung paano isasagawa ang mga gawain na inaasahang magbunga ng mga makabuluhang obserbasyon at kasagutan sa mga katanungan. Nakatuon ang mga pagsasanay sa mga maaaring maranasan at masaksihan ng mga mag-aaral. Nilalayon ng activity-observation format na ito na makasanayan ng mag-aaral ang paraang siyentipiko.





**DEVELOPMENTAL BIOLOGY NG VERTEBRATA:  
MGA KONSEPTO AT PROSESO**

Annabelle A. Herrera


P200.00 155 p.; 18 x 25 cm; c1999

(bookpaper; softbound)

ISBN 971-8781-93-5

Teksbuk para sa mga nag-uumpisang mag-aral ng embriolohiya. Simple lamang na tinatalakay ang morpolohiya ng mga embryo at mga konsepto ng mekanismo nito. Makatutulong ito sa pag-unawa ng mga bahagi ng embryo at

ang mekanismo ng kanilang development na makikita sa slide sa laboratoryo.



**EMBRIOLOHIYANG VERTEBRATA: MANWAL  
PANLABORATORYO**

Annabelle A. Herrera

P250.00 146 p.; 22 x 28 cm; c1997

(bookpaper; softbound)

ISBN 971-8781-59-5

Layunin ng manwal na ito na gawing madali ang trabaho sa laboratoryo ng mga mag-uumpisang mag-aaral ng Embriolohiya ng Vertebrata. Binubuo ito ng tatlong bahagi:

Ang Cell Cycle, Gametogenesis, at Organogenesis.

**HEOMETRIYA**


P. Ciedelle N. Yu-Hico, Evelyn B. Baylocon,  
Jocelyn C. Pinzon, at Ronaldo M. San Jose

P250.00 362 p.; 18 x 25 cm; c1996

(bookpaper; softbound)

ISBN 971-8781-32-3

Teksbuk sa kursong Heometriya sa hay-iskul. Binubuo ito ng sampung yunit: I. Pangangatwiran at Lohika; II. Heometriya ng mga Punto, Linya at Plane; III. Ang Heometriya ng Anggulo; IV. Tatsulok; V. Inequality sa Heometriya; VI. Parallelism; VII. Mga Rehiyong Polygonal at mga Area Nito; VIII. Magkahawig na Polygon; IX. Bilog; at X. Ang mga Solido at mga Volume Nito.



**HISTOLOHIYA: MGA KONSEPTO AT  
PROSESO**


Annabelle Herrera


P175.00 115 p.; 18 x 25 cm; c1996

(bookpaper; softbound)

ISBN 971-8781-92-7

Panimulang aklat sa pag-aaral ng histolohiya ng hayop. Ang pagkakasunod-sunod ng kabanata ay tugma sa mga pagsasanay sa laboratoryo upang mapadali ang pag-intindi ng mga mag-aaral sa mga konsepto at proseso ng histolohiya ng tao at hayop.





**HISTOLOHIYA NG HAYOP: MANWAL  
PANLABORATORYO**

Annabelle A. Herrera, Arnold V. Hallare, at  
Edna A. Amparado


P150.00 98 p.; 22 x 28 cm; c1996

(bookpaper; softbound)

ISBN 971-8781-02-7

[out of print; archive copy]

Manwal na pantulong at pandagdag sa aklat sa Histolohiya. Layunin na matulungan ang mga nag-uumpisang mag-aral ng histolohiya sa pamamagitan ng mga gabay sa pag-aaral na nakapaloob dito.



**KEMISTRI: MANWAL PANLABORATORYO**  
Josefina C. Flores

P150.00 98 p.; 22 x 28 cm; c1996

(bookpaper; softbound) I

SBN 971-8781-08-0

Manwal ng mga eksperimento sa Kemistri I. Bunga ito ng mahigit sa apat na taong pag-aaral, sinubukan ng mismong sumulat at ipinagawa sa mga mag-aaral upang makatiyak na ang makukuhang resulta ay ayon sa konseptong pinagbabatayan.

Binigyang-pansin sa pagsulat ang paggamit ng mga murang

**KEMISTRI NG CARBON**

Florentino C. Sumera


P 500.00 486 p.; 18 x 25 cm., c2007

(bookpaper; softbound)

ISBN978-971-635-028-9

Layunin ng librong ito na makapagbigay ng maikling kurso sa paggamit at pag-unawa ng mga konsepto ng Kemistri ng Carbon sa loob ng isang semestre. Ang mga paksa at kaayusan ng libro ay naaayon sa layuning iklian ang buong kurso at dahan-dahang pagdaragdag ng mga impormasyon. Tinatalakay dito ang mga paksang may kaugnayan sa larangan ng agham ng buhay, materyal, kalusugan at medesina, kaligiran, pang-araw-araw na kabuhayan, at pandaigdigang kapakanan na isiningit sa lugar na nauukol. Madaling matagpuan sa internet ang mga paksang ito kaya ang bawat kabanata ay nagbibigay ng direksiyon kung saan matatagpuan ang mga paksa sa internet. Naglalaman ito ng iba't ibang proseso ng pag-aaral na nagpapaunlad sa paggamit ng iba't ibang impormasyon sa katangian at reaksiyon ng mga molecule ng carbon sa pagsagot ng mga pagsasanay.

Siksik at pinaikli ang mga paksa dito na maaaring magamit din ito ng mga nagsipagtapos ng kurso ng kemistri sa pagbabalik-aral para sa pambansang pagsusulit sa propesyon ng kemistri.



**MATAAS NA ALHEBRA**

Anthony C. Ocampo, Alex R. Alix, Diana S.  
Aure, at Lawlita N. Cabahug

P100.00 142 p.; 18 x 25 cm; c1997

(bookpaper; softbound)

ISBN 971-8781-40-4

[out of print; archive copy]

Teksbuk sa kursong Alhebra sa hay-iskul. Binubuo ito ng pitong yunit: I. ang sistema ng Numerong Real; II. Rational Exponent; III. Mga Funsiyon at Relasyon; IV. Mga Alhebraikong Funsiyon; V. Mga Iba Pang funsiyon; VI. Mga Sequence at Mga Serye; at VII. Mga Funsiyong Polynomial.



**MATAAS NA MATEMATIKA**

Socorro L. Villalobos, Evangeline P. Bautista,  
at Leonila T. Reyes.


P200.00 280 p.; 18 x 25 cm; c1997

(bookpaper; softbound)

ISBN 971-8781-34-X

Teksbuk sa kursong Matematika. Binubuo ng sampung yunit: I. Mga Paraan ng Pagbilang; II. Mathematical Induction; III. Ang Teoremang Binomial; IV. Seksiyong Conic; V. Mga Di-Tumbasan (Inequalities); VI. Mga Funsiyon at Relasyon; VII. Limit ng Funsiyon; VIII.

Ang mga Derivative; IX. Mga Aplikasyon ng Differentiation; at X. Integration.

**MATEMATIKA PARA SA PANGKALAHATANG EDUKASYON**

Jaime D.L. Caro, Leticia L. Castillo,  
Azucena C. Darwin, Aurora R. Fernandez,  
Felina G. Mapa, Caridad M. Natividad,  
Nenita C. Ocampo, at Jesusa T. Tangco;  
Mario I. Miclat, editor

P185.00 262 p.; 18 x 25 cm; c1997

(bookpaper; softbound)

ISBN 971-8781-48-x

Ang teknbuk na ito sa Matematika na isinulat sa sariling wika ay kaayaayang basahin ng sinuman kahit walang gaanong kaalaman sa Matematika. Nagbibigay ito ng pahapyaw na kaalaman sa maraming sangay ng Matematika. Bukod sa arithmetic,

elementary algebra at euclidian geometry, tumatalakay rin ito sa mga makabagong heometriya tulad ng elliptic, hyperbolic, projective at finite geometry, topology, abstract algebra (group, ring at field), calculus, probalidad at estadistika, computers at aplikasyon ng mga ito sa pang-araw-araw na buhay. Tinrato ang mga paksa sa paraang madaling maunawaan ng isang maituturing na "non-science student."

**FINALIST, 1998  
GINTONG AKLAT AWARD**

**MATEMATIKA PARA SA PANGKALAHATANG EDUKASYON**


Jaime D.L. Caro, Leticia L. Castillo, Azucena C. Darwin, Aurora R. Fernandez, Felina G. Mapa, Caridad M. Natividad, Nenita C. Ocampo, at Jesusa T. Tangco; Mario I. Miclat, editor

P185.00 262 p.; 18 x 25 cm; c2002

(bookpaper; softbound)

ISBN 971-8781-48-x

Ikalawang edisyon ito ng Matematika c1996 na isinulat sa sariling wika ay madaling basahin ng sinuman kahit walang gaanong kaalaman sa Matematika. Nagbibigay ito ng pahapyaw na kaalaman sa maraming sangay ng Matematika. Bukod sa arithmetic, elementary algebra at euclidian geometry, tumatalakay rin ito sa mga makabagong heometriya tulad ng elliptic, hyperbolic, projective at finite geometry, topology, abstract algebra (group, ring at field), calculus, probalidad at estadistika, computers at aplikasyon ng mga ito sa pang-araw-araw na buhay. Isinulat ang mga paksa sa paraang madaling maunawaan ng isang maituturing na "non-science student."

**MIKROBIOLOHIYA NG PAGKAIN**

Priscilla C. Sanchez


P280.00 273 p.; 18 x 25 cm; c2001

(newsprint; softbound)

ISBN 971-635-001-5

[UP Los Baños; archive copy]

Ang aklat ay naglalaman ng kaalaman tungkol sa mikrobyo sa kaligiran at pagkain. Tinatalakay rin dito ang mga uri ng mikrobyo na mahalaga sa pagkain; mga bagay na nakakaapekto sa pagtubo, pagpigil at pagpatay sa mikrobyo sa pagkain; mga paraan ng pag-iimbak ng pagkain at ang epekto nito sa mikrobyo; mahahalagang mikrobyo sa mga pagproseso ng pagkain; mga mapanira at nagdudulot ng sakit na mikrobyo; kahalagahan sa kaseguruhan ng kalidad ng pagkain; at ang mikrobiolohikal na pamantayan.



**PAGPOPROSESO NG PAGKAIN**

Erlinda I. Dizon


P200.00 119 p.; 22 x 28 cm; c1998

(bookpaper; softbound)

ISBN 971-8781-61-7

[UP Los Baños; archive copy]

Teksbuk sa batayang kursong Pagpoproseso ng Pagkain. Pangunahing nilalaman ang mga karaniwan at madalas na ginagamit sa pagsusuri ng pagkaing dumaan sa fermentasyon. Nahahati sa limang kabanatang tumatalakay sa mga uri ng fermentasyon, at uri ng mga pagkaing dumaan sa fermentasyon na gumamit ng iba't ibang materyales.

**PANGKALAHATANG AGHAM**

Diana L. Ferrer, Lerma M. Dimaandal,  
Erlinda B. Gallo, Caridad G. Gicaraya, at  
Irene N. Valencia  
Mario I. Miclat (editor)

P250.00 356 p.; 18 x 25 cm; c1996

(BOOKPAPER; SOFTBOUND)

ISBN 971-8781-09-9

[out of print; archive copy]]

Teksbuk sa kursong Pangkalahatang Agham. Binubuo ng limang yunit na nahahati sa mga kabanata: I. Agham at Teknolohiya; II. Matter-Katangian at Pagbabago; III. Enerhiya; IV. Ang Mundo at ang Kalawakan; V. Mga Buhay na Bagay at ang Kanilang Kaligiran.

**PANIMULANG KEMISTRI**


Bienvenido T. Miranda

P250.00 313 p.; 18 x 25 cm; c1996

(bookpaper; softbound)

ISBN 971-8781-37-4

Pambungad na aklat sa kursong Kemistri sa hay-iskul at nagpapaliwanag sa mga batayang konsepto ng kurso. Modular ang presentasyon at malinaw ang estilo ng pagkakasulat. Sa halip na mga yunit, nahahati ang buong aklat sa 42 maliliit na leksiyon na sapat nang talakayin sa isa o dalawang sesyon.

**PANGKALAHATANG MATEMATIKA**

Isabelita O'Dell, Nympha A. Beltran, Llena P.  
Buenvendida, Primitivo G. Ereno, at Ginaline  
A. Untivero

P200.00 286 p.; 18 x 25 cm; c1996


(bookpaper; softbound)

ISBN 971-8781-30-7

[out of print; archive copy]

Teksbuk sa kursong Matematika. Binubuo ng limang yunit: I. Sistemang Pamilang; II. Mga Set at Operasyon ng Set; III. Sistema ng Bilang; IV. Mga Parirala at Pangungusap na Pangmatematika; at V. Mga Graph at Table.



**PATOLOHIYA NG HALAMAN**

Lina Ilag, Narceo J. Bajet, Manolo B. Castillo, Christian Joseph R. Camagun, Delfin B. Lapis, Marina P. Natural, Oscar Opina, Arcadio J. Quimo, Tricita H. Quimo, Florendo Quebral, Avelina D. Raymundo, Eric V. Virtudazo

P250.00 190 p.; 18 x 25 cm; c1998

(bookpaper; softbound)

ISBN 971-8781-63-5


(UP Los Baños; archive copy]

Iपालिलiwanag sa aklat ang mga batayang kaalaman tungkol sa mga sakit ng halaman, gayundin, ang mga pamamaraan sa pagsugpo nito. Hindi magiging mabisa ang pagbibigay ng lunas kung hindi mauunawaan ang dahilan ng pagkakasakit ng mga halaman.

---

**AKLAT PASAD**


---

**AGHAM COMPUTER**

Anthony C. Ocampo, Shirley M. Anselmo, Roel T. Belleza, at Cherry Lyn V. Cando

P100.00 148 p.; 18 x 25 cm; c1996

(bookpaper; softbound)

ISBN 971-8787-36-6

Ang Agham Computer ay isang komprehensibong libro tungkol sa arte at agham ng paggawa ng mga programa para sa computer at epekto ng nasabing computer sa lipunan. Ang mga konsepto sa pagpoprograma na itinuturo sa librong ito ay generic—maaaring gamitin sa iba't ibang lengguwaheng pamprograma (programming languages). Dalawang lengguwaheng pamprograma ang ginamit sa librong ito upang magsilbing halimbawa. Ito ay ang Turbo Basic at Turbo Pascal.

**MGA DISENYO SA LOGIC AT DIGITAL COMPUTER CIRCUIT**

Emmanuel Coronado at Jessie Joseph Gotengco

P200.00 128 P.; 18 X 25 CM; C1998

(bookpaper; softbound)

ISBN 971-8781-87-0

[UP Los Baños; archive copy]

Aklat para sa kursong Computer Science o Computer Engineering. Binubuo ng pitong kabanata; I. Representasyon ng Data; II. Computer Arithmetic; III. Boolean Algebra at mga Logic Gate; IV. Simplification ng mga Boolean Function; V. Combinational Logic; VI. Sequential Logic; at VII. Aplikasyon ng Sequential Logic.

**INTRODUKSIYON SA ORGANISASYON NG COMPUTER AT LOW-LEVEL PROGRAMMING**

Joel E. Macatangay at Leonila C. Umali-Macatangay

P175.00 91 p.; 18 x 25 cm; c1998

(bookpaper; softbound)

ISBN 971-8781-82-x

[UP Los Baños; archive copy]

Binubuo ng tatlong malalaking bahagi— hardware, software, at peopleware—ang sistema ng computer. Hardware ang tawag sa pisikal na makina. Software naman ang program na pinapatakbo sa makina.

Walang silbi ang makina kung wala ang mga program na bumubuo sa mga instruksiyong isasagawa nito. Peopleware ang tumutukoy sa mga taong gumagamit at nagpapatakbo ng hardware sa pamamagitan ng software. Sa aklat na ito, pagtutuunan ng pansin ang ugnayan at interaksyon ng tatlong bahaging nabanggit— kung paano magagamit ang hardware ng peopleware sa pamamagitan ng mga direktang mekanismo ng low-level software.





**INTRODUKSIYON SA AGHAM COMPUTER**

Santiago M. Alviar at Rachel O. Roxas

P220.00 114 p.; 18 x 25 cm; c2000


(bookpaper; softbound)

ISBN 971-8781-81-1

[UP Los Baños; archive copy]

Ang computer ay bagong teknolohiya na hudyat ng pagbabago sa lipunan, gawain, pakikipag-ugnayan, pagtalakay sa mga problema, pansariling karanasan, at edukasyon. Dapat bigyan ang mga mag-aaral

at sambayanan ng mga kaparaanan upang makatugon sa mga pagbabagong ibinubunga ng teknolohiyang ito. Tugon ang aklat sa pangangailangang ito.

**TUMBASANG DIFFERENTIAL**

Edwin S. Tapang

P175.00 168 p.; 18 x 25 cm; c1998

(bookpaper; softbound)

ISBN 971-8781-72-2

[UP Los Baños; archive copy]

Teksbuk sa kursong Tumbasang Differential. Binubuo ng anim na kabanata: I. Batayang Konsepto ng Tumbasang Differential; II. Unang Order ng Ordinaryong Tumbasang Differential;

III. Linear na Ordinaryong Tumbasang Differential; IV. Laplace Transformation; V. Numerical na Solusyon; at VI. Partial na Tumbasang Differential.

**AKLAT SANYATA****ABREGANAS (ESPAÑOL BÁSICO PARA UNIVERSITARIOS FILIPINOS)**

Conchita Jaranilla Villar, Edgardo Tiamson Mendoza

P200.00 172 p.; 18 x 25 cm; c2003; c2008


(bookpaper; softbound)

ISBN 971-635-018-X

Layunin ng librong ito na pukawin at patindihin ang interes ng estudyante sa pag-aaral ng wikang Kastila. Hindi maitatwa na ang interes ng estudyante ang siyang ginintuang susi para sa isang mabilis, magaan, at mabisang pagkatuto ng wika.

Bukod sa mga dahilang kultural, ekonomiko o maging sa simpleng kuryusidad lamang ng estudyante sa wika at kulturang Kastila, malaki ang maitutulong sa pagtuturo at pag-aaral ng wikang Kastila ang Hispanismos na ginamit sa Abreganas.






**ADYENDA SA WIKANG SALIKSIK**  
Galileo S. Zafra (editor)

P150.00 133 p.; 15 x 23 cm; c2008  
(bookpaper; softbound)  
ISBN978-971-635-029-6

Di-matatawaran ang kahalagahan ng pananaliksik sa lahat ng larang ng pagsusulong ng wikang Filipino — sa pagtuturo, sa publikasyon, sa advocacy — kailangan ang produkto ng mga pananaliksik. Kaya naman, mahalaga na magkaroon ng isang planado at sistematikong pag-aaral sa wika. Ang totoo’y marami namang nagkakainteres na mag-aral sa wikang Filipino at sa iba pang wika sa Pilipinas. Ngunit marami rin sa mga proyekto ay puta-putaki at nakatuon lamang sa napakaespisipikong mga larang kung kaya hindi gaanong maramdaman ang bisa sa kasalukuyang pagkilos para palaganapin ang wikang pambansa.

Kailangan ang adyenda sa wika na puwedeng magsilbing gabay ng mga mananaliksik at maging batayan din sa pagpili ng pagkalooban ng gawad saliksik munti man o malawakan na makapag-aambag sa pagsusulong ng wikang Filipino.



**AGSORSUROTAYO NGA AGILOKANO**  
Noemi U. Rosal

P150.00 112 p.; 18 x 25 cm; c2011  
(bookpaper; softbound)  
ISBN978-971-635-037-1

Ang aklat ay tungkol sa pag-aaral at pagtuturo ng gramatikang Ilokano. Naglalaman ito ng batayang kasanayan sa pananalita, pakikinig, pagbasa at pagsulat sa kolokyal na Ilokano. Hinati ito sa tatlong yunit na may 15 aralin, leksiyon na nakasentro sa pang-araw-araw na sitwasyon sa tunay na buhay ng isang mag-aaral. Ang sumusunod na mga aralin ay estruktura ng wikang Ilokano: isinabay ang pagtuturo ng mga panghalip at mga pangngalan sa Yunit I; nakapokus naman sa mga pang-uri ang nasa Yunit II; at nakasentro sa pandiwa at pang-abay ang nasa Yunit III.

**ANG WIKANG FILIPINO ATIN ITO**  
Consuelo J. Paz

P80.00 90 p.; 15 x 23 cm; c1995  
(newsprint; softbound)  
ISBN 971-8781-02-4

Mga pag-aaral pangwika na nagsisikap na bigyang linaw ang mga elementong bumubuo sa wikang Filipino. “Isang uri ng pagwasak sa ilang paniniwala, akala’t alamat tungkol sa pambansang wika.”



**ANG WIKANG FILIPINO SA LOOB AT LABAS NG AKADEMYA’T BANSA (UNANG SOURCEBOOK NG SANGFIL 1994-2001)**


Benilda S. Santos, patnugot

P300.00 374 p.; 18 x 25 cm; c2003  
(bookpaper; softbound)  
ISBN 971-635-015-5

[out of print; archive copy]

Mga tinipong panayam sa pitong nakaraang pambansang komperensiya ng SANGFIL na dinaluhan ng mga guro sa Filipino na pinagbubuklod ng isang layunin, ang mapagbuti at mapaunlad ang pagtuturo ng Filipino. Napapanahong ayusin at itanghal ang mga ito sa isang tomo upang mabasa nang masusi at mapag-aralan ang mga larangang ganap nang napagtagumpayan ng mga tagasuporta at tagapagtanggol ng tagapagpalaganap ng wika. Mahalaga itong gawin upang masalungguhitan ang krusyal na posisyon ng samahang pangwika tulad ng SANGFIL sa malawakang praktis ng paggamit ng wikang pambansa sa mga institusyong pang-edukasyon at ang pagtukoy rin ng iba pang aparato na may malaking papel sa pagpapalaganap ng wikang Filipino.





**APAT NA SIGLO NG PAGSASALIN:  
BIBLIOGRAPIYANG MGA PAGSASALIN SA  
PILIPINAS (1593-1998)**

Lilia F. Antonio

P250.00 175 p.; 18 x 25 cm; c1998

(bookpaper; softbound)

ISBN 971-8781-94-3

Bibliograpiya ito ng mga akdang naisalin mula sa mga dayuhang wika tungo sa Tagalog, Pilipino, at Filipino. Binabalangkas ang nilalaman ayon sa tradisyonal na pagyuyugtong pangkasaysayan: panahon ng Kastila (1593-1898); panahon ng Amerikano (1900-1940); panahon ng Hapon (1941-1945); at kasalukuyang panahon (1946-1998). Itinampok dito ang pagsasalin ng iba't ibang anyong pampanitikan na malaganap sa bawat panahon. Kalakip din ang bibliograpiya ng mga lokal at dayuhang artikulo at libro tungkol sa pagsasaling-wika.



**BUENA MANO (ESPAÑOL INTERMEDIO  
PARA UNIVERSITARIOS FILIPINOS,  
CONTINUACION DE SUERTE)**

Febe Soledad M. Luntao, Conchita Jaranilla Villar, Edgardo Tiamson

P200.00 118 p.; 18 x 25 cm; c2007

(bookpaper; softbound)

ISBN 971-635-027-2

Nauna ang *Suerte* at *Abreganas* sa Buena Mano. Mas naging interesante ang kontribusyon ng Buena Mano dahil hindi lamang wika at kultura ang matutuhan ng mga estudyante kundi matutuklasan din nila ang samot-saring kaalaman, pananaw, pagpapahalaga sa kapaligiran at maayos na pamumuhay na laman ng bawat pangungusap na ginagamit sa pagtuturo ng gramatika.

**CONTIGO: GABAY SA PAG-AARAL NG  
WIKANG KASTILA SA TULONG NG  
WIKANG FILIPINO**

Edgardo Tiamson


P120.00 168 p.; 18 x 25 cm; c1997

(bookpaper; softbound)

ISBN 971-8781-53-6

[out of print, archive copy]

Librong gumagamit sa wikang Filipino sa pagtuturo ng wikang Kastila, sa paniwalang “higit na mapapadali at mapabibilis ang kasanayan” ng mga kabataan sa wikang Kastila.



**E-MAHINASYON AT E-SALIN**


Lilia F. Antonio, Florentino A. Iniego, Jr., at Roberto D. Tangco, mga editor

P200.00 179 p.; 15 x 22.5 cm; c2006

(bookpaper; softbound)

ISBN 978-971-635-025-8

Ang nilalaman ng aklat ay ang papel na binasa ng mga tagapagsalita sa seminar-workshop na Mga Malikhaing Pamamaraan sa Pagsusulat at Pagsasalin. Ang layunin nito na maituro ang mga pangunahing kaalaman, elemento, prinsipyo, at patakaran sa mga gawaing pagsasalin at malikhaing pagsusulat ng tula, dula, kuwentong pambata at nobela; mahasa ang kasanayan na sumulat at lumikha ng mga akda ayon sa mayamang metodo ng pagsasalin at malikhaing pagsusulat; maipakilala ang mga modelong maaaring magamit sa pagsasalin at pagsusulat.





**FILIPINO AT PAGPAPLANONG PANGWIKA  
(IKAWALANG SOURCEBOOK NG SANGFIL)**  
Pamela C. Constantino, patnugot

Ph350.00 327 p.; 18 x 25 cm; c2005  
(bookpaper; softbound)  
ISBN 971-635-024-4

Kalipunan ng mga artikulo sa pag-aaral hinggil sa mga problema, pagtugon at ang pagpaplanong pangwika ng mga bansa, pagpaplanong pangwika sa akademya hanggang implementasyon o pagsakatuparan ng mga patakarang binuo para sa wika.



**GABAY SA EDITING SA WIKANG FILIPINO  
(TUON SA PAGBAYBAY)**  
Galileo S. Zafra, et al. (editor)

P60.00 62p.; 15 x 23 cm; c2004  
(bookpaper; softbound)  
ISBN 971-635-020-1  
[out of print; archive copy]

Ambag ito ng Sentro ng Wikang Filipino (SWF) sa estandardisasyon ng Filipino upang tunay na magamit sa iba't ibang antas ng pagkatuto.

Produkto ito ng mga pulong at talakayan ng mga editor ng SWF, maaari itong gamitin ng mga mag-aaral at propesyonal sa iba't ibang larangan.

Naglalaman ito ng mga tuntunin sa tamang pagbabaybay ng mga salitang taal na Filipino at mga salitang hiram. Kabilang dito ang sumusunod: pagbaybay ng mga pangngalang pantangi; pagbaybay ng mga tinipil o pinaikling salita; pagbaybay gamit ang walong dagdag na letra; pagsasa-Filipino ng baybay; pagbaybay ng bilang; pagbaybay ng mga salitang may pag-uulit o reduplikasyon ng pantig o salita; pagbaybay ng mga gamiting parirala; pagbaybay ng mga salitang may kambal-patinig o diptonggo; pagbubuo ng pangmaramihan o plural; paggamit ng pangatnig na *na* at *ng*; paggamit ng *din* at *rin*; *daw* at *raw*; paggamit ng *nang* at *ng*; paggamit ng gitling sa paglalapi; pagdadaglat; at iba pa.


**GABAY SA ISPELING**


Galileo S. Zafra, et al. (editor)

P90.00 73 p.; 18 x 25 cm, c2008  
(bookpaper; softbound)  
ISBN978-971-635-031-9  
[out of print, archive copy]

Ito ay naglalaman ng mga tiyak na patnubay o tuntunin sa pagbaybay na nagpapaliwanag sa posibleng solusyon sa iba't ibang suliraning pangwika na naeengkuwentro ng mga manunulat, editor, guro, mag-aaral, at iba pang gumagamit ng wikang Filipino. Produkto ito ng kongkretong karanasan at hakbang-hakbang na konsultasyon sa mga indibidwal at sektor na kabahagi sa pagpapalaganap ng wikang Filipino bilang wika ng akademya.

Sa pamamagitan ng *Gabay sa Ispeling*, nag-ambag ang SWF-UPD sa mga proseso ng pagtiyak sa anyo at hugis ng ating wikang pambansa, sa estandardisasyon ng Filipino upang mabisa mabilis itong magamit bilang kasangkapan sa iba't ibang antas at larangan ng pagkatuto.



**GLOSARI SA EDUKASYON**

Marietta Reyes-Otero, Mercedes P. Adorio, Mabuhay A. Alonzo, Cleofi L. Chi, Lina B. Diaz de Rivera, Ligaya S. de Guzman, Lorna Lois L. de Vera, Mildred S. Ganaden, Fe Garcia, Teresita P. Ignacio, Anunciacion V. Lara, Editha M. Marcelo, Aniceta M. Ortinero, Felicitas E. Pado, Fe Sanchez, Robinson C. Soria, Evelina M. Vivencio, Emilia Zarco

P200.00 188 p.; 22 x 28 cm; c2002  
(newsprint; softbound)  
ISBN 978-971-635-001-2

Binubuo ang glosaring itong mga terminong teknikal na karaniwang ginagamit ng mga guro sa pagtuturo ng kanilang kadalubhasaan o disiplina sa UP Kolehiyo ng Edukasyon. Labingtatlong kurso ang pinanggalingan ng mahigit-kumulang 3,000 salita. Maraming proseso ang pinagdaanan ng pagbuo ng glosari tulad ng pagtukoy sa mga teknikal na termino; pagsasalin ng kahulugan ng bawat isa sa Filipino; pag-estilo ng pagkakasalin. Tunay na bunga ito ng pagpupunyagi upang mapaunlad ang leksikon ng wikang Filipino sa pamamagitan ng pagtanggap ng mga modernong konsepto. Tanda ito na ang ating wika ay dinamiko at may kakayahang magamit sa anumang larangan ng ating buhay.

**GLOSARING PANG-ADMINISTRASYON**

Galileo S. Zafra at Marita C. Pimentel, tagapamahala ng proyekto

P100.00 62 P.; 15 X 23 CM;  
(bookpaper; softbound)  
ISBN 978-971-635-030-2

Ang Glosari ay naglalaman ng pangalan ng mga opisina sa UP Diliman at Sistemang UP na nakabase sa loob ng Diliman; mga programang akademiko at mga titulo at posisyong pang-administrasyon na karaniwang nasa wikang Ingles at tinumbasan sa wikang Filipino batay sa mga alituntunin


ng SWF na nakakodigo sa dinivelo din nitong *Gabay sa Editing*.

**GLOSARI NG MGA SALITA SA  
PAGPAPLANONG URBAN AT REHIYONAL**

Jose Edgardo A. Gomez, Jr., Jun T. Castro, Crispin Emmanuel D. Diaz, Mario R. Delos Reyes

P150.00 177 p.; 12.5 x 20 cm; c2013  
(bookpaper; softbound)  
ISBN978-971-635-041-8


Kalipunan ng mga termino na ginagamit sa pagpaplanong urban at rehiyonal na nasa Filipino. Ang nabuong mga termino ay ayon sa pagkagamit ng mga awtor sa kanilang pagtuturo at mga praktisyuner sa pagpaplanong urban at rehiyonal. Maihalintulad ito sa Garden City, nilikha ito para magkaroon ng alternatibong pamalit sa nakagawiang glosari na nasusulat sa Ingles. Pinagsikapan itong isa Filipino upang maipaabot sa maraming mambabasa di lamang sa praktisyoner ng pagpaplanong urban at rehiyonal kundi sa ibang mamamayan na interesado sa pagpaplanong urban at rehiyonal.

**GRAMAR NG FILIPINO**

Jonathan C. Malicsi

P220.00 220 p.; 15 x 23 cm; c2013  
(bookpaper; softbound)  
ISBN978-971-635-042-5

Ang aklat na ito ay magsilbing sanggunian ng mga guro at mag-aaral, at maaaring gawing batayan sa paghahambing ng Filipino sa iba pang mga wika, gaya ng iba pang wika sa Pilipinas, at wikang Asyano na itinuturo sa UP. Ilan lang ito sa mga inilalahad ng Gramar ng Filipino na kaiba o wala sa mga naunang gramatika. Bunga ito ng panibagong pag-aaral ng Filipino ng mass media, at muling pagsusuri ng mga datos na ginamit ng mga naunang gramatika. Ang ganitong pag-aaral ay pangkaraniwan sa linggwistiks, na ang layunin ay ang deskripsiyon ng wika, na dapat ay maging gabay sa pagtuturo at pag-aaral ng wika lalo na't patuloy na nagbabago ang estruktura at mga proseso ng wika habang hinuhubog ito ng mga manunulat, editor, brokaster, at mga namumuno sa lipunan.



**HISPANISMO SA FILIPINO**

Teresita A. Alcantara

P300.00 282 p.; 18 x 25 cm; c1999

(bookpaper; softbound)

ISBN 971-8781-77-3

Salin ito ng akdang nakasulat sa Espanyol, isang pag-aaral lingguwistiko ng mga hispanismo o salitang espanyol na matatagpuan sa makabagong Filipino, batay sa komunikasyong pangmadla ng Filipinas tulad ng radyo, telebisyon, peryodiko at magazine. Isinagawa ang pag-aaral ayon sa iba't ibang antas

lingguwistiko: ortograpiko, ponolohiko, morpolohiko, semantiko at leksiko, upang alamin kung paano pumaloob at umangkop ang mga hispanismo sa wikang pambansa. Kasama rin sa pag-aaral ang frecuencia o dalas o porsentahe ng paggamit ng mga hispanismo sa kasalukuyan at kung paano ginagamit ng makabagong Filipino ang mga hispanismo para palawakin ang bokabularyong ito. Pinatutunayan sa akdang ito na buhay na buhay ang mga hispanismo sa Filipino.

**HUSAY SA PAKIKINIG**

Alejandro J. Casambre at Ruby G. Alcantara

P200.00 140 p.; 18 x 25 cm; c1998

(bookpaper; softbound)

ISBN 971-8781-84-6

Mahusay ka bang makinig? Sa lahat ng tatlong konteksto, napag-alaman na nagtataglay ng impormasyon ang mga kumuha ng pagsusulat bago sila mag-test subalit tila hindi nila taglay ang gayong impormasyon sa pagkakuha ng test (post-test) nang gamitin sa kaugnay na diskurso.

Ang pangyayaring ito ay kailangan pang patunayan at suriin sa pamamagitan ng pag-aaral kung paano naipaloob ang impormasyon sa eksperimental na stimulus.

Tatanggapin ba ninyo ang hamon na linawin ang kahulugan ng di-pakikinig sa inyong klase? Nagbibigay ang *Husay sa Pakikinig* ng mga panimulang kaalaman upang matulungan kayong mapahusay ang inyong pang-unawa sa mga pangunahing kasanayan para sa personal at panlipunang kaunlaran.

**KATUTUBO AT BANYAGA: PAGTALUNTON SA USAPING PANGWIKA SA PILIPINAS: 1898-1946**

Pamela C. Constantino


P300 230 p.; 15 x 23 cm; c2014

(bookpaper; softbound)

ISBN 978-971-365-046-3

Ang aklat ay unang bahagi ng serye ng dalawang aklat ng kritikal na pag-aaral na pinagdaanang kasaysayan ng wikang pambansa ng Pilipinas. Sa unang bahagi ng serye, tinalunton ang naging papel ng mga institusyon, indibidwal, at grupo o mga samahan kaugnay ng pagbubuo ng bansa sa pamamagitan ng wikang pambansa, sa panahon ng Amerikano at Hapon, hanggang sa pagkakamit ng kalayaan noong 1946. Partikular na tinalakay dito ang papel ng mga indibidwal na Amerikano na hindi sumang-ayon sa patakarang pangwika ng gobyernong Amerikano sa Ingles, ang mga indibidwal na Pilipinong karamiha'y mga manunulat at peryodista, at mga samahang pangwika na nabuo sa panahong iyon bilang reaksiyon sa pagdomina ng Ingles lalo na sa larangan ng edukasyon. Naglista rin ng mga pahayagang nalimbag sa panahong iyon na tumalakay sa mga isyung pangwika. Ang bilang o dami ng mga pahayagang ito, di lang sa Pilipinas kundi maging sa Amerika ay nagpatunay na gintong panahon ng pamamahayag at pagsusulat ng mga saloobin at opinyon ang panahong ito.






**KARTILYA NG WIKANG FILIPINO BILANG WIKA NG EDUKASYON**

Pambansang Komite sa Wika at Salin, Pambansang Komisyon para sa Kultura at mga Sining

P20.00

Naglalaman ito ng sagot sa Executive Order 210 ni Pangulong Gloria Macapagal Arroyo ng kautusang may pamagat na "Establishing the Policy to Strengthen the Use of English as a Second Language in the Educational System at House Bill No. 1652 na inihain

ni Eduardo R. Gullas.



**LAWAS: GLOSARI NG MGA KATAWAGAN SA KATAWAN NG TAO**

Michael L. Tan, Felipe P. Jocano, Jr.  
Raul S. Ting, Reginaldo D. Cruz, Editor

P80.00 61 p.; 12.5 x 18 cm. c2010

(bookpaper; softbound) out of print

ISBN 978-971-635-036-8

Kalipunan ng bahagi ng katawan ng tao na nakasulat sa Ingles at tinumbasan ang bawat termino ng walong pangunahing lengguwahe sa Pilipinas.

**LOS HISPANISMOS**

Teresita A. Alcantara

P300.00 280 p.; 18 x 25 cm; c1998

(bookpaper; softbound)

ISBN 971-8781-77-3

Isang pag-aaral lingguwistiko (na nakasulat sa Espanyol) ng mga hispanismo o salitang espanyol na matatagpuan sa makabagong Filipino, batay sa komunikasyong pangmadla ng Pilipinas, tulad ng radyo, telebisyon, peryodiko at magazine. Isinagawa ang pag-aaral ayon sa iba't ibang antas lingguwistiko: ortograpiko, ponolohiko; morpolohiko, semantiko at leksiko, upang alamin kung paano pumaloob at umangkop ang mga hispanismo sa wikang pambansa. Kasama rin sa pag-aaral ang frecuencia o dalas at porsentahe ng paggamit ng mga hispanismo sa kasalukuyan at kung paano ginagamit ng makabagong Filipino ang mga hispanismo para palawakin ang kanyang bokabularyo. Pinatutunayan sa akdang ito na ang mga hispanismo ay tunay na kabahagi ng pambansang wika



**MINANGA: MGA BABASAHIN SA VARAYTI AT VARYASYON NG FILIPINO**

Jovy M. Peregrino, Pamela C. Constantino, at Nilo S. Ocampo (mga editor) out of print


P200.00 208 p.; 18 x 25 cm; c2002

(newsprint; softbound)

ISBN 971-635-011-2

[archive copy]

Kalipunan ito ng mga babasahing isinulat at pinag-aralan ng mga eksperto sa larangan ng wika at usapin sa varayti at varyasyon. Binubuo ito ng apat na bahagi. Unang mababasa ang mga konseptuwal at teoretikal na mga



artikulo hinggil sa varayti at varyasyon ng wika. Sa ikalawang bahagi naman mababasa ang konsepto ng wikang pambansang Filipino. Mga empirikal na pag-aaral naman ang sinasaklaw ng ikatlong bahagi. Binubuo ito ng mga babasahing makakatulong sa pag-unawa sa heograpiko, sosyal, antropolohiko, okupasyonal, at pang-akademiyang varayti ng wikang Filipino. Samantalang ang huling bahagi ay tumatalakay sa kabuluhan at kahalagahan ng mga varayting ito sa konteksto ng pagpaplanong pangwika.



**SALINDAW: VARAYTI AT BARYASYON  
(NIREBISANG MINANGA)**

Jovy M. Peregrino, Pamela C. Constantino,  
Nilo S. Ocampo, Jayson D. Petras, (mga editor)

P250 393 p.; 18 x 25 cm; c2011  
(bookpaper; softbound)  
ISBN978-971-635-039-5

Ang salitang *salindaw* ay nagmula sa wikang Maguindanao at Maranao na ang ibig sabihin ay maningning, marikit, sikat, sinag, o nagbibigay liwanag. Tulad ng wika, ang varayti at baryasyon nito ay tila mga sinag ng araw na nagmumula sa isang malaking liwanag na nakabubuo ng iba't ibang sinag na espesipikong nagbibigay ng mga diwa sa bawat bahagi ng lipunan. Napili ito upang maipakita ang yaman ng mga salitang Filipino mula sa iba't ibang wika ng Pilipinas.

Nilalayon ng aklat na ito na mabigyan ng linaw ang mga konsepto at teorya, mailahad, masuri at mabigyan linaw ang mga pag-aaral ng varayti at baryasyon sa wikang Filipino sa usaping panglinggwistiks, pangheograpiya, pangkultura, panlipunan, pang-okupasyon at pang-akademya at ang kahalagahan at papel ng mga varayting ito sa konteksto ng pagpapalano sa wikang pambansa.


**PAG-AARUGA SA MGA TAONG MAY-  
EDAD NA**

Letty G. Kuan

P100.00 126 p.; 18 x 25 cm; c1998  
(bookpaper; softbound)  
ISBN 971-8781-19-6

Ang aklat na ito ay nagtatalakay sa pagmamahal at sa magiliw na pagkalinga at pag-aaruga sa mga may-edad na. Ang pananalig na ang pag-aaruga sa mga taong may-edad ay nagsisimula sa pagbibigay-halaga sa kabuuang pangkalusugan. Ang lubusang pag-aaruga ay nagsisimula sa mga pagpapahalagang ibinibigay sa sarili na siya namang isinakatuparan sa gawa. Ang pagtanda ay isang pangsariling saloobin at ito ay maaaring marating nang kalugod-lugod kung tatanggapin ang katotohanan ng pagtanda at uunawain ang mga bagay kaugnay nito.

Ang mga pagpapalano at pamamaraan kung papaano maaalagaan ang mga may-edad ay umiinag sa mga paniniwala, kaugalian, at tradisyon ng mga Filipino, na nakasentro sa kahalagahan ng ugnayang nagtataguyod sa pagkakabuklod ng mag-anak.




**PAGKAHABA-HABA MAN NG PRUSISYON AT  
IBA PANG DULA**

Lilia F. Antonio, Ph.D.

Php400 268 p.; 18 x 25 cm; c2014  
(bookpaper; softbound)  
ISBN978-971-635-044-9


Naglalaman ng anim na isinaling dula ang aklat na naitanghal na noon sa Dulaang UP, Metropolitan, Vinzon's Hall sa UP at sa Unibersidad ng Santo Tomas. Nailathala na rin ang ilan dito tulad ng "Nora" sa salin ng "A Doll's House" ni Henrik Ibsen sa *Malay*, ang Dyornal sa De La Salle University, sa *18 Plays Translated in Filipino* ang "Kalahating





Oras sa Isang Kumbento" (Half An Hour In A Convent), "Tatlong Ulupong" (Three Rats), at "Katanungan" (Question Mark) ni Wilfrido Ma. Guerrero. Matatagpuan rin sa publikasyon ng *Diwa* ang ilang sipi mula sa mga dulang "Pagkahaba-haba Man ng Prusisyon" (Much Ado About Nothing) ni William Shakespeare, "Anim na Tauhang Naghahanap ng Mangangatha" (Six Characters in Search of an Author) ni Luigi Pirandello.

Sinikap ng tagasalin na higit na kontemporaneo ang lengguwahe sa ginawang rebisyon sa mga dula. Nilangkapin rin ng mga tanong bilang Gabay sa Pag-aaral at Talambuhay ng Awtor ang bawat dula upang lubos na makatulong sa mga mambabasa/mag-aaral at/o magtatanghal ng mga dula.



#### PAGSULAT NG ISKRIP SA RADYO

Perlita M. San Juan

P200.00 281 p.; 18 x 25 cm; c1998

(bookpaper; softbound) (out of print)

ISBN 971-8781-85-4

Makapangyarihan ang midyum ng radyo. Naaabot nito ang malaking bilang ng tao. Maaari itong magbigay ng impormasyon, mang-aliw, makapagturo o makaimpluwensiya. Dahil dito, maraming tao ang nahihikayat na magtrabaho sa mga estasyon ng radyo o kaya'y matutong

maghanda ng mga materyal na panradyo. Ang librong ito ay naglalaman ng mga teknik sa pagsulat ng iba't ibang programang panradyo tulad ng balita, komentaryo, editorial, komersiyal, drama, talakayan, panayam at iba pa. Mayroon ding mga halimbawa ng iskrip na maaaring gamitin bilang batayan sa pag-aaral ng pagsulat ng iskrip.

#### SALIN-SURI: PANIMULANG PAGMAMAPA NG MGA LARANGAN NG PAG-AARAL NG PAGSASALIN SA FILIPINAS (IKATLONG SOURCEBOOK NG SANGFIL)

Galileo S. Zafra, patnugot


Ph400.00 401 p.; 18 x 25 cm; c2009

(bookpaper; softbound)

ISBN 978-971-635-035-7

Ang Salin-suri ay isang antolohiya bilang katapat ng *translation studies* o disiplinang may kaugnayan sa produksiyon at deskripsiyon ng pagsasalin. Saklaw nito ang kasaysayan ng pagsasalin, mga metodo ng pagsasalin, teorya ng pagsasalin, ugnayan ng pagsasalin at lipunan, kritisismo ng pagsasalin, at iba pa. Bagaman kailangang pag-ibayuhin pa ang mismong pagsasalin, mahalaga ring sabay na linangin ang salin-suri dahil ang mga konsepto't kabaritang maaaring iluwal sa larangang ito ang magsisilbing patnubay para sa mas matalino at matinong pagsasalin na kapaki-pakinabang sa nakararami.

Layon ng koleksiyong ito na maipakilala ang iba't ibang larangan ng pag-aaral ng pagsasalin.



#### SANGGUNIANG GRAMATIKA NG WIKANG FILIPINO


Fe Laura R. Quetua, Vilma M. Resuma, Fernanda P. Aganan, Paulina B. Bisa, Wilfreda J. Legaspi, Carmelita S. Lorenzo, Anatalia G. Ramos, Teresita P. Semorlan Pinamatnugutan nina Mario I. Miclat at Romulo P. Baquiran, Jr.

P150.00 85 p.; 18 x 25 cm; c1999


(bookpaper; softbound) (out of print)

ISBN 971-8781-50-1

Marami nang pag-aaral sa gramatika ng iba't ibang wika at wikain sa Pilipinas mula pa noong siglo 16. Sinangguni ang marami sa mga gramatikang ito upang maging batayan sa pagbuo ng librong ito. Buháy at dinamikong wika ang



